MINISTERO DEL LAVORO
E DELLE POLITICHE SOCIALI
**Direzione Generale dell'Immigrazione
e delle Politiche di Integrazione**

Imigrasyon
Paano, saan, kailan

Gabay para sa integrasyon

1 SALIGANG BATAS NG REPUBLIKA ITALYANA (ARTT. 1-54) 4

2 PAGPASOK 15

2.1 Border 15
2.2 Visa 15

3 PANANATILI 25

3.1 Pahintulot ng paninirahan 25
2.3 Integration agreement 33
3.3 EC residence permit para sa pangmatagalang residente. 37
3.4 Area Schengen 42

4 TRABAHO 43

4.1 Ang trabaho sa Italya 43
4.1.1 Trabaho bilang manggagawa 44
4.1.2 Trabaho parasubordinato 52
4.1.3 Sariling empleyo 52
4.1.4 Mga kinakailangan para sa pagpasok sa trabaho ng mga menor de edad 54
4.2 Pagpasok sa labor market sa Italya 56
1.1 Pagtatatag at pagtatapos ng kaugnayan ng trabaho 68
1.2 Serbisyo para sa Pagtatrabaho 71

5 REGISTRY OFFICE 73

1.3 Aplikasyon para sa pagpaparehistro ng kapanganakan 75
1.4 Registry services 78

6 PABAHAY 81

1.5 Pagpapaupa ng bahay 82
1.6 Ang pagbili ng bahay 83
1.7 Sentro ng Pagtanggap 85

7 KALUSUGAN 86

7.1 Pagpaparehistro sa National Health Service (Servizio Sanitario Nazionale - SSN) 86
7.2 Health card (tessera sanitaria) 89
7.3 Mga Serbisyo ng National Health Service 90
7.4 Temporarily Present Foreigner (STP) 94

8 EDUKASYON 95

8.1 Daycare – o nursery 95
8.2 Preschool o Kindergarten 96
8.3 First Cycle 96
8.4 Second Cycle 97
8.5 Unibersidad 98
8.6 Education and Higher Technical Education 90
8.7 Recognition of educational qualification 101
8.8 Recognition of certain professional qualification 101

9 PANGANGALAGA NG KARAPATAN AT DISKRIMINASYON 103

9.1 Pangangalaga ng karapatan 103
9.2 Diskriminasyon 104

10 BANGKO 105

11 ASSOCIATIONISM 107

11.1 Magtatag ng isang association ……..**.....**107
11.2. Ilang mga uri ng associationism……..109
11.3 Rehistro ng mga asosasyon at mga samahan na nagpapatakbo para sa immigrant associanism.……110

Nai-update na bersyon noong Enero 2014

1 SALIGANG BATAS NG REPUBLIKA ITALYANA (ARTT. 1-54)

THE PROVISSIONAL HEAD OF STATE

Naibigay na desisyon ng Constituent Assembly sa pagpupulong na naganap noong Disyembre 22, 1947, naaprubahan ang Saligang Batas ng Republika Italyana;
Ang pagkakaloob ng XVIII panghuling Konstitusyon;

NAGPROKLAMA

Ang Saligang-batas ng Italian Republic sa mga sumusunod na teksto:

MGA PANGUNAHING PANUNTUNAN

Art. 1.

Ang Italya ay isang Demokratikong Republika, na itinatag mula sa pagpapagal ng mga mamamayan. Ang kataastaasang kapangyarihan ay nagmumula sa sambayanan, na kanilang ipinatutupad sang ayon sa nakapaloob at itinatakda ng Saligang Batas .

Art. 2.

Kinikilala at pinananagutan ng Republika ang sagradong karapatan ng bawat tao, bilang indibidwal at sa panlipunan , kung saan ipinapahayag ang kanyang pagkatao at hinihingi ang katuparan ng mga pangunahaning ipinag- uutos na mga tungkuling pampulitika, pang-ekonomiya at panlipunan.

Art. 3.

Ang lahat ng mga mamamayan ay may pantay na dignidad na panlipunan at pantay-pantay sa mata ng batas, nang walang pagtatangi batay sa kasarian, lahi, wika, relihiyon, kuro-kurong pampulitika, personal at kundisyong panlipunan .

Art. 4.

Kinikilala ng Republika ang mga karapatan ng lahat ng mga mamamayan na gawin at paunlarin ang anumang kalagayan tungo sa pagiging epektibo ng mga karapatang ito.

Bawat mamamayan ay may katungkulan, batay sa kaniyang kakayahan at indibidwal na pagpili, na gampanan ang isang gawain o katungkulan na makapag aangat sa materyal at espiritwal na pag unlad ng lipunan.

Art. 5.

Ang Republika, nag iisa at hindi nahahati, ay kumikilala at nagsusulong ng kalayaan ng mga lokal na pamahalaan, at isinasagawa sa mga iyon ang mga serbisyong nanggagaling sa estado nang may ganap na desentralisasyon sa pamamahala. Ang Republika ay isinusunod ang mga panuntunan at pamamaraan ng kaniyang batas ayon sa mga hinihingi ng pagiging malaya at ng desentralisasyon.

Art. 6.

Pinoprotektahan ng Republika ang mga wikang minorya sa pamamagitan ng wastong mga panununtunan.

Art. 7.

Ang Estado at ang Simbahang Katoliko, ay may kasarinlan at kalayaan batay sa kanya kanyang nasasaklawan, ginagabayan ng Kasunduan Lateran (Lateran Treaty) ang kanilang relasyon. Ang mga pagbabago sa kasunduan na sinang-ayunan ng magkabilang panig ay hindi na nangangailangan ng pagbabago sa Saligang Batas.

Art. 8.

Lahat ng paniniwalang pangrelihiyon ay pantay pantay ayon sa batas.

Ang iba pang paniniwalang pangrelihiyon bukod sa Katoliko ay may karapatang magbuo ng kanilang sariling alituntunin subalit hindi dapat salungat sa legal na batas ng Italya.

Ang kanilang relasyon sa Estado ay kinokontrol ng batas batay sa mga kasunduan ng kani-kanilang mga kinatawan.

Art. 9.

Isinusulong ng Republika ang pag-unlad ng kultura at mga siyentipiko at teknikal na pagsasaliksik. Pinangangalagaan ng Estado ang mga likas na tanawin at mga makasaysayang lugar, bagay at sining na pamana at pag-aari ng bansa.

Art. 10.

Ang legal na sistema ng Italya ay umaayon sa nilalaman ng mga batas pandaigdig na pangkalahatang kinikilala.

Ang legal na katayuan ng mga dayuhan ay isinasaayos ng batas alinsunod sa Batas Pandaigdig.

Ang isang dayuhan na pinagkaitan sa kaniyang sariling bansa ng demokratikong kalayaan, na ibinibigay ng Saligang Batas ng Italya ay may karapatan na mapagkalooban ng asylum sa teritoryo ng Republika, ayon sa mga kundisyong isinasaad ng batas. Hindi pinapayagan ang pagpapabalik sa dayuhan sa kanyang bansa para sa mga pampulitikang pagkakasala.

Art. 11.

Itinatakwil ng bansang Italya ang digmaan bilang isang instrumento ng pagsalakay sa kalayaan ng ibang tao at bilang paraan sa paglutas sa mga pandaigdigang di pagkakaunawaan. Sumasang-ayon, sa kundisyon ng pagkapantay- pantay sa ibang mga estado, sa limitasyon ng dakilang kapangyarihan ng kalayaan na kinakailangan upang masiguro ang kapayapaan at

katarungan ng bawat Bansa. Sa paghihikayat at pagtataguyod sa mga internasyonal na samahan na may ganitong layunin.

Art. 12

Ang bandila ng Republika ay may tatlong kulay: berde, puti at pula, ang tatlong kulay ay pinatayong magkakatabi na may mga magkakaparehong sukat.

BAHAGI I

MGA KARAPATAN AT TUNGKULIN NG MGA MAMAMAYAN

TITULO I

KARAPATAN AT TUNGKULIN NG MAMAYAN

Art. 13.

Ang pansariling kalayaan ay hindi malalabag.

Hindi pinapayagan ang anumang paraan ng pagpigil, inspeksyon o personal na paghahanap o iba pang paghihigpit ng mga personal na kalayaan, maliban sa pamamagitan ng isang kautusan mula sa korte at sa mga kaso lamang at mga paraan na ibinigay ng batas. Sa pambihirang mga kaso ng kagipitan at pangangailangan ng madaliang pagkilos, na dapat na tumutugma sa isinasaad ng batas, ang mga pampublikong awtoridad ng seguridad ay maaaring magpatibay ng pansamantalang mga panukala, na kung saan ay dapat na iniulat sa loob ng apatnapu't walong oras sa hukuman at, kung hindi napagtibay sa pamamagitan ng mga ito sa susunod na apatnapu't walong oras, ang mga ito ay mawawalan ng bisa at saysay.

Pinaparusahan ang lahat ng uri ng mga mararahas na gawain sa pisikal at moral laban sa isang tao na napasailalim sa kakulangan ng kalayaan.

Ang batas ay nagtatatag ng pinakamahabang panahon para sa pansamantalang pagpipigil ng kalayaan.

Art. 14.

Ang tahanan ay hindi dapat nilalapastangan.

Ang mga pagsisiyasat o pagsasaliksik o pagsamsam ay hindi maaaring isagawa maliban sa mga pangyayari o pamamaraan na isinasaad ng batas na dapat ay tumutugma sa mga itinakdang katiyakan upang mapangalagaan ang kalayaang pansarili.

Ang mga pagpapatunay at pagsisiyasat para sa kalusugan at kaligtasan ng publiko o para sa mga hangaring pang ekonomiya at usapin ukol sa buwis ay ipinatutupad ayon sa natatanging batas.

Art. 15.

Ang kalayaan at pagiging lihim ng pakikipagsulatan at iba pang uri o paraan ng talastasan ay hindi nilalabag.

Ang kanilang mga limitasyon ay maaaring makamit lamang sa pamamagitan ng kautusan na ipinalabas ng isang may kapangyarihang hukuman na may garantiya na itinatag ng batas.

Art. 16.

Ang lahat ng mga mamamayan ay may kalayaang maglakbay o manatili sa anumang bahagi ng pambansang teritoryo, maliban lamang sa mga limitasyon na itinatag ng batas na pangkalahatan para sa mga kadahilanan pangkalusugan at kaligtasan.

Walang paghihigpit ang maaring ipataw para sa pulitikal na kadahilanan.

Ang lahat ng mga mamamayan ay malayang makaalis at muling bumalik sa teritoryo ng Republika, maliban na lamang kung kinakailangan ng batas.

Art. 17.

Ang mga mamamayan ay may karapatang magtipon ng matiwasay at walang armas.

Walang kinakailangang pahintulot para sa mga pagpupulong kahit na sa mga lugar na pampubliko.

Sa mga pagpupulong sa mga lugar na pampubliko ay kinakailangang ipaalam muna sa mga kinauukulan, na maaaring hindi magbigay ng pahintulot para sa kadahilanang pangseguridad at kaligtasan ng publiko.

Art. 18.

Ang mga mamamayan ay may karapatang magbuo ng mga samahan ng malaya at di nangangailangan ng pahintulot, kung ang layunin nito ay hindi labag sa anumang batas kriminal.

Ang mga lihim na samahan at mga nagtataguyod ng ganitong uri ng samahan kahit hindi tuwiran laban sa pampulitikang layunin sa pamamagitan ng mga organisasyong militar ay ipinagbabawal ng batas.

Art. 19.

Ang lahat ay may karapatan sa malayang pagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa kahit na anong anyo, ng mag-isa o maramihan, ipahayag ito, at sumamba ng pribado o sa publiko, na kinakailangan lamang na ang mga pagtitipon ay naayon sa kani kanilang pananampalataya, at hindi lumabag sa moralidad.

Art. 20.

Ang likas na katangian ng simbahan at ang layunin ng relihiyon o pagsamba ng isang asosasyon o institusyon ay hindi maaring maging sanhi ng mga natatanging limitasyon ng batas, at hindi rin para sa natatanging pagbubuwis para sa kanyang pagtatatag, legal na katayuan o anumang uri ng aktibidad.

Art. 21.

May karapatan ang lahat sa malayang pagpapahayag ng kaniyang kaisipan sa pamamagitan ng pagsalita, pagsulat o iba pang paraan ng komunikasyon.

Ang pamamahayag ay hindi pwedeng sumailalim sa pagdidikta at sensura.

Pinapayagan lamang ang pagsakop ng pahayagan kung mayroon lamang makatuwirang kautusan na nagmula sa korte, sa mga malinaw na mga paglabag sa batas na may kaugnayan sa pamamamahayag, o kaya ay kung mayroong tinutukoy na nananagot sa paglabag sa mga itinatakda ng batas.

Sa pagkakataon na kailangan ang madaliang pagkilos at ang napapanahon at agarang pagkilos ng hukuman ay hindi maaari, maaring kaagad na samsamin ng mga pulis ang naturang pahayagan, at daglian niya itong iuulat sa hukuman sa loob ng dalawampu't apat na oras. Kung hindi sumasangayon ang huli sa naturang pagsamsam sa loob ng dalawampu't apat na oras, ang naturang pagsamsam ay dapat na bawiin at ituring na walang bisa.

Ang batas ang maaring magtatag, sa pamamagitan ng pangkalahatang tuntunin, na ilahad ang mga pinagmumulan ng salapi ng mga pahayagan.

Ang mga lathalain na naisulat, mga pagtatanghal sa publiko at mga pagdiriwang na may temang labag sa moralidad ay ipinagbabawal. Ang batas ay nagsasaad ng tamang paraan para maiwasan at mahinto ang lahat ng paglabag.

Art. 22.

Walang sinumang mamamayan ang maaaring pagkaitan, ng kaniyang legal na karapatan, pagkamamamayan at pangalan ng dahil sa pampulitikang kadahilanan.

Art. 23.

Walang personal o pampinansyal na likas na katangian ay maaaring ipataw maliban kung nasa batayan ng batas.

Art. 24.

Bawat isa ay may karapatan na gumawa ng legal na hakbang upang maipagsanggalang ang karapatan at lehitimong interes.

Ang karapatang ipagtanggol o idepensa ang sarili ay hindi dapat labagin sa kahit aling bahagi o oras ng paglilitis.

Ang mga maralita ay binibigyan ng katiyakan, sa pamamagitan ng mga angkop na hakbang upang makapaghabla at dumipensa sa harap ng lahat ng antas ng hukuman.

Ang batas ang nagsasaad ng mga kundisyon at pamamaraan para sa pagwawasto ng mga pagkakamali sa hukuman.

Art. 25.

Walang sinuman ang maaaring alisin mula sa hurisdiksyon ng hukom na itinatag ng batas.

Walang sinuman ang maaaring parusahan maliban lamang kung ang pagpaparusa ay umaayon sa batas na pinagtibay bago nangyari ang pagkakasala.

Walang sinuman ang maaaring sumailalim sa anumang paghihigpit maliban lamang sa mga usaping ibinibigay ng batas.

Art. 26.

Ang pagpapaalis sa isang mamamayan sa labas ng bansa ay pinapayagan lamang sa mga kaso na hayagang itinatakda ng mga internasyunal na kasunduan.

Sa anumang pagkakataon ay hindi pinapayagan ng batas kung dahil sa pagkakasalang may kinalaman sa pulitika.

Art. 27.

Ang pananagutan sa nagawang kriminal ay pansarili.

Ang nasasakdal ay hindi maaaring ituring na nagkasala hangga't hindi napatunayan sa pamamagitan ng huling hatol ng hukuman.

Ang pagpaparusa ay hindi dapat sumasalungat sa makataong dignidad kundi ito ay naglalayong na magkamit ng pagbabagong buhay para sa nagkasala.

Ang parusang kamatayan ay hindi pinahihintulutan.

Art. 28

Ang mga opisyal at empleyado ng Estado at iba pang tanggapang pampubliko ay tuwirang mananagot sa ilalim ng batas kriminal, sibil at administratibo, sa lahat ng nagawang mga paglabag sa mga karapatan. Sa ganitong mga kaso, ang pananagutang pangsibil ay umaabot sa Estado at sa mga tanggapang pampubliko.

TITULO II

MGA TUNTUNIN PANG MORALIDAD AT PANLIPUNAN

Art. 29.

Ang Republika ay kinikilala ang mga karapatan ng pamilya bilang isang likas na lipunan na itinatag sa pag-aasawa.

Ang kasal ay batay sa moral at legal na pagkakapantay ng mag-asawa na napapaloob sa mga limitasyong inilatag ng batas na nagbibigay katiyakan sa pagkakaisa ng pamilya.

Art. 30.

Katungkulan at karapatan ng mga magulang na itaguyod, palakihin at pag-aralin ang kanilang mga anak, maging ang mga batang ipinanganak sa labas ng sakramento ng kasal

Sa mga kasong kakulangan ng kakayahan ng mga magulang, ang batas ang nagsasaad kung sino ang gaganap ng kanilang mga tungkulin.

Ang batas ay nagsisiguro sa mga batang ipinanganak sa labas ng sakramento ng kasal ang bawat legal at panlipunang proteksyon, na kung saan ay katugma sa mga karapatan ng mga miyembro ng lehitimong pamilya.

Nagsasaad ang batas para sa mga patakaran at limitasyon sa pagtukoy ng pagka ama.

Art. 31.

Ang Republika ay tumutulong sa pamamagitan ng mga pangekonomiyang kaparaanan at iba pang mga paglalaan, sa pagbuo ng pamilya at sa pagtupad sa mga katungkulan nito, na may pangunahing pagsasaalang-alang sa mga pamilya na may maraming miyembro.

Pinangangalagaan ang pagiging ina, kamusmusan at kabataan, nagsusulong sa mga institusyon na kinakailangan para sa layunin na ito.

Art. 32.

Pinangangalagaan ng Republika ang kalusugan bilang pangunahing karapatan ng isang tao at bilang kolektibong interes at tinitiyak nito ang libreng pagpapagamot para sa mga maralita.

Walang sinuman ang obligadong sumailalim sa isang natatanging paraan ng pagpapagamot maliban lamang kung ito ay nakapaloob sa isinasaad ng batas. Ang batas ay hindi dapat, kahit sa anumang pagkakataon, na lumabag sa mga hangganang ipinatutupad bilang paggalang sa pagkatao ng bawat tao.

Art. 33.

Ang sining at ang agham ay may kalayaan at may kalayaan ang pagtuturo nito

Ang Republika ang nagtatakda ng pangkalahatang panuntunan para sa edukasyon at nagtatatag ng mga paaralan ng estado para sa lahat ng mga uri at baitang.

Ang mga samahan at mga pribadong mamamayan ay may karapatang magtatag ng mga paaralan at mga institusyong pangedukasyon, nang walang ipinapataw ang Estado.

Ang batas, sa kaniyang pagsasaayos ng mga karapatan at tungkulin ng mga pribadong paaralan na humihiling ng pagkakapantaypantay, ay nararapat na tiyakin na ang mga paaralang ito ay nagtataguyod ng buong kalayaan at makapagbibigay sa kanilang mga mag-aaral ng edukasyon na kapantay ng mga nag-aaral sa mga paaralan ng estado.

Ang mga pang estadong pagsusulit ay itinatakda para sa mga mag-aaral upang makapasok sa iba't ibang uri at grado ng mga paaralan, o sa kanilang pagtatapos at para sa mga propesyonal na kwalipikasyon.

Ang mga institusyon ng mas mataas na paaralan, mga unibersidad at mga akademya, ay may mga karapatang magtakda ng kanilang mga sariling regulasyon na dapat napapaloob sa mga itinatag na batas ng Estado.

Art. 34.

Ang mga paaralan ay bukas para sa lahat.

Ang mababang paaralan o elementarya, na tumatagal sa di bababa ng walong taon, ay kinakailangan at libre.

Ang mga mag-aaral na may kakayahan at kakaibang angking talino, kahit walang kakayahan sa pinansiyal, ay may mga karapatang magtamo ng pinakamataas na antas ng edukasyon.

Ang Republika ay ipinagkakaloob ang nasabing karapatan sa pamamagitan ng libreng pag-aaral o scholarship, pagbibigay ng sustento sa mga pamilya at iba pang mga kapakinabangan, na kung saan ay iniugnay sa kompetibong mga pagsusulit.

TITOLO III

MGA KARAPATAN AT TUNGKULING PANG-EKONOMIYA

Art. 35.

Pinangangalagaan ng Republika ang trabaho sa lahat ng uri at pagkakagamitan.

Ang Republika ay naglalaan ng mga kasanayan at mga pagpapaunlad propesyonal para sa mga manggagawa.

Isinusulong at pinapasigla ang mga pandaigdig na kasunduan na ang mga layunin nito ay itatag at isaayos ang mga karapatan ng mga manggagawa.

Kinikilala ang kalayaan sa pangingibang lupain sa pamamagitan ng pagsasanggalang sa mga

tungkulin na isinasaad ng batas para sa interes ng nakakarami, at pinangangalagaan nito ang mga manggagawang Italyano sa ibang bansa.

Art. 36.

Ang mga manggagawa ay may karapatan na sumahod na karapat dapat sa uri at dami ng kanilang trabaho at sa lahat ng pagkakataon ay sapat upang matiyak na sila at ng kanilang mga pamilya ay mabuhay na malaya at marangal.

Ang pinakamahabang oras sa pagtatrabaho ay itinatatag ng batas.

Ang mga manggagawa ay pinagkakalooban ng karapatan na magpahinga sa loob ng isang lingo at may bayad ang taunang bakasyon at hindi maaring talikdan ang karapatan na ito.

Art. 37.

Ang mga manggagawang babae ay may parehong karapatan at parehong sahod na karapat-dapat sa mangagawa. Ang mga kundisyon sa trabaho ay dapat na nagbibigay sa manggagawang babae ng panahon upang isakatuparan ang kanilang mahalagang tungkulin sa pamilya at maisiguro ang natatanging proteksiyon sa ina at sa anak.

Ang batas ay nagtatakda ng pinakamababang edad na karapatdapat sa sahurang trabaho. Pinoprotektahan ng Republika ang trabaho ng mga menor de edad sa pamamagitan ng mga espesyal na nilalaman at tinitiyak sa kanila na sa parehong trabaho ay may karapatan na parehong sahod.

Art. 38.

Ang bawat mamamayan na walang kakayahang magtrabaho at walang mapagkukunan ng ikabubuhay ay may karapatan ng panlipunang tulong.

Ang mga manggagawa ay may karapatan na mabigyan ng sapat na katugunan para sa kanilang mga pangangailangan sa pagkakataon ng pagkaaksidente, pagkakasakit, kapansanan at pagtanda, at hindi kusangloob na nawalan ng trabaho.

Ang mga taong may kapansanan ay may mga karapatan sa edukasyon at bokasyonal na kasanayan.

Ang mga katungkulang inilatag ng artikulong ito ay ipinagkakaloob sa mga samahan at institusyon na itinatag o tinutulungan ng Estado.

Maaaring magkaloob ng tulong ang mga pribadong sektor.

Art. 39.

Ang samahang unyon ng mga manggagawa ay may kalayaan.

Walang obligasyong maaring ipataw sa mga samahang manggagawa maliban sa pagpapatala nito sa mga lokal at sentral na mga tanggapan, ayon sa isinasaad ng batas.

Ang isa sa kundisyon sa pagpapatala ng samahang manggagawa sa kanilang panloob na organisasyon, na ang mga batas na nakasulat ukol sa samahan ay umaayon sa demokratikong pamamaraan.

Ang mga rehistradong samahan ay may legal na personalidad. Sila ay maari sa pamamagitan ng kinatawang pangkat na naayon sa dami ng kanilang mga miyembro, pumasok sa isang kolektibong kasunduan na may kinalaman sa paggawa na dapat ay mabisang maipapatupad sa lahat ng mga tao na nasasakupan ng nabanggit na kasunduan.

Art. 40.

Ang karapatan na magwelga ay isinasagawa ayon sa batas na ipinasusunod nito.

Art. 41.

Ang inisyatibong pang ekonomiya ng mga pribadong sektor ay malayang maisasakatuparan.

Ito ay hindi maaaring isagawa kung sumasalungat sa kapakanan ng publiko o sa pamamaraan na maaaring makapinsala sa kaligtasan, kalayaan at dignidad ng tao.

Ang batas ay nagtatakda ng wastong mga programa at pangangasiwa ng mga gawaing pangekonomiya ng mga pampubliko at pribadong sektor upang mabigyan ng tamang direksiyon at koordinasyon tungo sa mga panlipunang layunin.

Art. 42.

Ang mga ari-arian ay publiko o pribado. Ang produkto ng ekonomiya ay pag-aari ng Estado, ng mga entidad o mga pribadong tao.

Ang pribadong pag-aari ay kinikilala at ginagarantiyahan ng batas, na siyang nagsasaad ng mga paraan kung paano ito matatamo, mapapakinabangan at ang kaniyang hangganan, upang masiguro ang kaukulang panlipunan at gawin itong bukas sa lahat.

Ang pribadong pag-aari ay maaaring kuhanin ng Estado sa kadahilanan ng kapakanan ng publiko, sa mga kasong isinasaad ng batas at may nakalaang kompensasyon.

Ang batas ay nagsasaad ng mga patakaran at limitasyon sa lehitimo at sa mamanahin ayon sa huling habilin at ang karapatan ng Estado sa mga usapin na may kinalaman sa pagpapamana.

Art. 43.

Para sa pangkalahatang kapakinabangan, ang batas ay maaaring mag riserba o ilipat sa pamamagitan ng pagkamkam na may nakalaang kompensasyon, Ang Estado, mga pampublikong mga kinatawan o pangkomunidad na manggagawa o mga gumagamit ng tiyak na mga enterprise o mga kategorya ng enterprise, na kung saan ay konektado sa mahalagang pampublikong serbisyo o mga pinagkukunan ng enerhiya o may monopolyang kalagayan at mayrong likas na katangian ng pangkalahatang pangunahing interes.

Art. 44.

Sa hangaring makamit ang makatuwirang paggamit ng lupa at ang kaugnayang panlipunan na magkakapareho, ang batas ay nagpapataw ng mga obligasyon at mga balakid sa pribadong nagmamayari ng lupa; nagtatakda ng mga limitasyon sa pagpapalawig ng nasabi batay sa rehiyon at lugar na pang agrikultura ; nagtatatag at nag-uutos nang pagwawasto ng lupa, ang pagbabagong-anyo ng pag-aari, pagbabagong tatag ng productive units, tumutulong sa maliliit at may katamtamang ari-arian .

Ang batas ay may ginawang mga probisyon sa pabor ng mga bulubunduking lugar.

Art. 45.

Kinikilala ng Republika ang gampaning panlipunan ng pagkakaisa na may pagkakatuwang at walang pansariling interes. Ang batas ay pinapaunlad at hinihikayat ang pagkakaisa sa pamamagitan ng mga wastong pamamaraan at upang matiyak ang kaniyang layunin sa pamamagitan ng tamang pagsubaybay.

Ang batas ay naglalaan ng mga pamamaraan upang mapangalagaan at maitaguyod ang mga kasanayan sa mga handicrafts.

Art. 46.

Alinsunod sa layuning mai-angat ang ekonomiya at mapabuti ang paggawa na tumutugon sa mga pangangailangan ng produksiyon, kinikilala ng Republika ang mga karapatan ng mga manggagawa sa pakikipagtulungan, sa paraan at sa loob ng mga limitasyong isinasaad ng batas, sa pamamahala ng mga negosyo.

Art. 47.

Ang Republika ay naghihikayat at iniingatan ang mga naimpok sa kahit anong anyo; isinasaayos, iniaakma at sinusubaybayan ang gawaing pagpapautang.

Nagtataguyod ng paraan ukol sa naimpok ng mga mamamayan tungo sa pagkakaroon ng sariling bahay at pangangasiwa ng linangin na lupa, at maging ang direkta o hindi direktang pamumuhunan sa pakikipagsosyo sa mga malalaking kompanya sa bansa.

TITULO IV
MGA TUNGKULIN SA PULITIKA

Art. 48.

Lahat ng mga mamamayan, lalake o babae na nasa hustong gulang ay maaaring bumoto. Ang boto ay personal at pantay, malaya at lihim. Ang pagtupad sa mga ito ay isang tungkulin bilang mamamayan.

Isinasaad ng batas ang mga kundisyon at kaparaanan upang ang mga mamayang naninirahan sa ibang bansa ay makaboto sa mga eleksiyon sa bansa at tinitiyak na epektibo ang pagpapatupad nito. Ang mga bumubuo ng mga manghahalal na nakatira sa ibang lupain ay bubuuin kung saan ang mga miyembro nito ay mula sa mga ibobotong miyembro ng parehong Kapulungan ng Parliyamento; ang bilang ng mga pwesto para sa mga posisyong ito ay nilalaman sa Konstitusyon batay sa pamantayan na isinasaad ng batas.

Ang karapatang bumoto ay hindi maaaring paghigpitan maliban lamang sa kadahilanan ng kawalan ng kakayahang pangmamamayan, o bilang resulta ng hindi na mapapawalang saysay na sentensiya ng kaparusahan o sa mga kaso ng kawalan ng karapatang pangmoral ayon sa isinasaad ng batas.

Art. 49.

Ang lahat ng mamamayan ay may karapatan na malayang sumama o sumapi sa iba't ibang klase ng partido para makaambag sa mga demokratikong pamamaraan sa pagtukoy ng mga pambansang patakaran.

Art. 50.

Ang lahat ng mamamayan ay maaaring magharap ng mga petisyon sa Kapulungan para humiling ng mga panukalang batas upang magpahayag ng samasamang pangangailangan.

Art. 51.

Lahat ng mamamayan, anuman ang kasarian ay maaaring mahirang o mahalal sa isang pampublikong posisyon na may pantay ang posisyon ng panunungkulan, ayon sa itinatakdang

kondisyon ng batas. Sa ganitong pananaw ang Republika ay maaring gumawa ng hakbang tungo sa pagkakaroon ng pantay na karapatan ang mga babae at lalake.

Maaaring payagan ng batas ang mga Italyanong hindi residente ng Republika na magkaroon ng pantay na karapatan bilang mga mamamayan na makapasok sa mga pampublikong tanggapan o nahalal na posisyon.

Sinuman ang mahirang na gumanap sa isang pampublikong posisyon ay may karapatan na mabigyan ng sapat na panahon para tapusin ang tungkuling iniatang sa kanya at pangalagaan ang pinagtatrabahuan.

Art. 52.

Ang pagtatanggol sa Amangbayan ay isang sagradong tungkulin ng bawat mamamayan.

Ang serbisyong militar ay obligasyon na nakaayon sa limitasyon at paraang isinasaad ng batas. Ang pagganap ng serbisyong militar o ang pagganap ng kanyang pampulitikang karapatan ay hindi dapat makakaapekto sa trabaho ng mamamayan.

Ang pagbubuo ng sandatahang lakas ay nakabatay sa demokratikong diwa ng Republika.

Art. 53.

Ang lahat ay kinakailangang magbigay ng kanyang bahagi sa mga pampublikong gastusin, nang naaayon sa kanyang kakayahang pagbubuwis.

Ang sistema ng pagbubuwis ay nakabatay sa kriterya ng pag-unlad.

Art. 54.

Ang lahat ng mamamayan ay may tungkulin na maging tapat sa Republika at itaguyod ang Saligang Batas at mga batas.

Ang mga mamamayan na pinagkatiwalaan ng mga pampublikong gawain ay may tungkulin na tuparin ang mga ito nang may disiplina at dangal at manunumpa ayon sa mga katungkulang isinasaad ng batas.

2 Pagpasok

Sino ang isang dayuhan ?
Ang dayuhan ay isang mamamayan ng isang Ikatlong bansa, o ng isang non-EU na bansa o isang stateless na tao o isang tao na itinuturing na walang estado upang maging mamamayan nito. Ang mga patakaran na namamahala sa pagpasok, pananatili, sa pangkalahatan, ang legal na katayuan ng mga dayuhan sa Italya ay nakapaloob sa Immigration Act (Pambatasan Atas n. 286/98 at kasunod na susug) at sa pagpapatupad ng regulasyon na ito (D.P.R. n. 294/99 at kasunod na susug). Ang mga patakaran na nilalaman sa Immigration Act ay hindi inalalapat sa mga mamamayan ng Estado Miyembro ng European Union.

2.1 Border

1. Ano ang nangyayari sa Italian border?
Ang mga dayuhan ay sumasailalim sa mga kontrol ng customs. makalampas sa pagsusuri, ang mga Awtoridad ng border ay tatatakan ang pasaporte ng petsa at lugar ng border

2. Sino ang maaaring matanggihan sa border?
Ang mga dayuhan na dumating sa hangganan nang wala ang mga kinakailangan para sa pagpasok sa Italya ay pinapabalik ng pulisya.
Ang mga dayuhan na nakapasok Italya nang hindi dumaan sa border control, ngunit napigilan sa pagpasok o pagkatapos na makapasok, at doon sa mga pansamantalang pinapasok sa Italya para sa pansamantalang pangangailangan ay tinatanggihan at inihahatid sa border.

3. Sino ang hindi maaring matanggihan sa border?
Kahit na walang mga dokumento at mga kinakailangan para sa pagpasok sa Italya, ay hindi dapat tanggihan ang dayuhan na :

- nahiling ng political asylum;
- mayroong refugee status;
- ang mga nasa ilalim ng edad 18, maliban sa karapatan na sundan ang mga magulang o tagapag-alaga na tinanggihan;
- may pansamantalang proteksyon para sa dahilan humanitarian:
- buntis;

Ang pagtanggi sa mga taong may kapansanan, mga matatanda, mga bata, ang mga solong magulang na may maliliit na anak, o mga biktima ng malubhang sikolohikal na karahasan, pisikal o sekswal na pang-aabuso ay dapat na tugma sa kasong indibidwal, personal na kalagayan sa anumang kaso ay ginawa sa paraang tugma sa indibidwal na mga personal na kalagayan, na ganap na itinalaga.

2.2 Visa

4. Ano ang visa?
Ang visa ay isang permit na ibinigay ng Konsulado o konsulado Diplomatiko na may kapangyarihan, na nagpapahintulot ng pagpasok ng mga dayuhan sa Schengen Area o sa teritoryo Italyano lamang, ito ay nailapat sa pasaporte o iba pang wastong dokumento.

5. Sino ang mga nangangailangan ng visa?

Ang lahat na mga itinuturing na dayuhang mamamayan:

- mga mamamayan na nagmula a bansa na hindi EU
- mga stateless o walang tirahan.

6. Sino ang hindi nangangailangan ng visa?

Hindi kailangan ang visa para makapasok sa Italya ang mga:

- ang mga mamamayan ng lahat ng mga bansa sa European Union at ng European Economic Area: Austria, Belgium, Bulgaria, Cyprus, Denmark, Estonia, Finland, France, Germany, Greece, Iceland, Ireland, Italy, Latvia, Lithuania, Liechtenstein, Luxembourg, Malta, Norway, Netherlands, Poland, Czech Republic, Romania, Portugal, United Kingdom, Slovakia, Slovenia, Espanya, Sweden at Hungary;
- mga mamamayan ng San Marino, Santa Sede at Switzerland;
- mga dayuhan, na lumabas sa Italya, na may hawak bukod sa pasaporte, ng residence permit at / o residence permit EC para sa pang-matagalang residente;
- dayuhan na may hawak na residence permit EC para sa pang-matagalang paninirahan na ibinigay ng iba pang Miyembro ng Estado at ang kanilang mga miyembro ng pamilya sa pagkakaroon ng wastong permit ng paninirahan na ibinigay ng Miyembro ng Estado na pinagmulan;
- dayuhan na may hawak ng pahintulot ng paninirahan para sa pag-aaral na ibinigay ng iba pang Miyembro ng Estado (maliban sa UK, Ireland at Denmark), dahil nakatala sa isang unibersidad o isang institusyon ng mas mataas na edukasyon, na kung saan, sa ilalim ng ilang mga kundisyon, ay lumipat sa Italya upang ipagpatuloy ang kanyang pag-aaral na pinasimulan sa iba pang mga Miyembro ng Estado o upang isama ang mga ito sa isang programa ng pag-aaral na konektado.

Ang mga dayuhan na namamalagi sa isang Estado Schengen at may pinanghahawakan na isang permit ng paninirahan ay hindi nangangailangan ng visa para sa pananatili na hindi lalampas sa 90 araw, sa kondisyon na ang pagpasok sa Italya ay hindi ginawa para sa mga kadahilanan ng trabaho, self-employment o pag-aaral / pagsasanay - learning / pagsasanay

Ang mga exempted sa visa requirement para sa maikling pananatili (ang pananatili ng hanggang sa 90 na araw na ibinigay alang-alang sa turismo, misyon, negosyo, imbitasyon, mga kumpetisyon sports at pag-aaral), ang mga mamamayan na kabilang sa mga estado imigrante. Sa website ng Ministry of Foreign Affairs (http://www.esteri.it/visti) maaaring makita ang listahan ng mga bansa na hindi nangangailangan ng visa.

Tandaan: Para sa pang-matagalang pananatili (mahigit sa 90 araw), ang lahat ng mga dayuhan ay dapat laging mayroong visa.

7. Sino ang hindi magkakaroon ng visa?

Ang visa para sa pagpasok ay maaring tanggihan :

- ang mga dayuhan na pinaalis sa Italya (maliban na lamang kung sila ay nakakuha ng natatanging pahintulot upang muling makapasok o sa paglipas ng panahon ng pagbabawal ng pagpasok), o mula sa isa sa mga bansa ng EU;
- ang dayuhan na ay itinuturing na mapanganib sa kaayusang pambayan at kaligtasan sa Italya at iba pang mga bansa ng European Union ayon sa mga batayan ng mga internasyonal na kasunduan.

- dayuhan na nahatulan ng Korte, pati na rin ang mga nagkaroon ng plea to bargain, para sa mga pagkakasala **ng art. 380, co. 1 at 2, c.p.p.**, o para sa mga pagkakasala na kinasasangkutan ng mga bawal na gamot, sekswal na kalayaan, pagtulong sa illegal na migrasyon, pag-recruit ng mga menor de edad para sa mga ilegal na aktibidad o ng mga tao na gagamitin para sa prostitusyon o ang pagsasamantala sa prostitusyon ng mga menor de edad para sa ilegal na gawain.

Sa kaso ng pagpasok para sa muling pagsasama-sama ng pamilya ang visa ay maaaring hindi pahintulutan lamang kung ang dayuhan ay isang banta sa kaayusang pambayan at kasalukuyan o ng seguridad ng Estado sa isa sa mga bansa na kung saan ang Italya ay pumirma ng mga kasunduan para sa pangloob na pag kontrol sa mga hangganan at ang malayang paggalaw ng mga tao.

Ang pagtanggi ng pagbibigay ng visa ay hindi dapat motivated (maliban sa working visa, family reunification, medikal na pagpapagamot o pag-aaral) at kailangang ipabatid sa tao sa wika na kanyang nauunawaan o, sa kakulangan , sa Ingles, Pranses, Espanyol o Arabic .

8. Ano ang maaring gawin sa kaso na ang Visa para sa pagpasok sa Italya ay tinanggihan?

Laban sa tinanggihan ng visa ay maaaring mag apela sa Regional Administrative Court (TAR) ng Lazio sa loob ng 60 araw mula sa opisyal na publikasyon ng panukala.

Sa kaso lamang **ng pagtanggi ng visa para sa family reunification o miyembro ng pamilya na sumunod**, ang anumang mga paghahabol ay maaaring isinumite sa Ordinaryong Hukuman nang walang mga limitasyon ng panahon.

9. Ano ang mga maaring dahilan sa pag-aplay ng visa?

Sa **atas interministerial ng May 11, 2011** , nakatala ang mga iba't ibang uri ng visa, pati na rin ang mga kinakailangan at mga kondisyon para sa pagkuha.

Ang dalawamput isang mga uri ng visa na ibinibigay, naaayon sa iba't ibang mga dahilan para sa pagpasok ay: pag-aampon, negosyo, medical, diplomatiko, kadahilanan pampamilya, sports mga kumpetisyon, imbitasyon, self-employement, trabaho, misyon, relihiyon, re-entry, napiling paninirahan, pananaliksik, pag-aaral, paglalakbay, sasakyan, transportasyon, turismo, holiday- nagtatrabaho at volunteering.

10. Ano ang dapat gawin para magkaroon ng visa?

Dapat magsumite ng aplikasyon sa Konsulado Italyano o Embahada sa iyong bansa na pinaninirahan. Sa aplikasyon, kailangang ipahiwatig:

- ang personal data (pangalan, apelyido, petsa ng kapanganakan, tirahan, pagkamamayan) at mga miyembro ng pamilya;
- ang mga detalye ng pasaporte o iba pang mga wastong dokumento;
- ang dahilan para sa paglalakbay;
- ang transportasyon na nais gamitin;
- ang lugar kung saan maglalagi;
- ang suportang pinansyal sa panahon ng paglalakbay at pananatili.

Sa aplikasyon ay dapat ding isama ang mga tiyak na dokumentasyon na kinakailangan depende sa mga kinakailangang entry visa. Upang malaman mga papeles na kinakailangan upang makakuha ng bawat uri ng visa, kumonsulta sa website ng Ministry of Foreign Affairs, (http://www.esteri.it/visti).

Tandaan: Kung gumawa ng huwad na pahayag o magbigay ng mga pekeng dokumento, ay maaring mahatulan ng kriminal na pagkakasala at ang aplikasyon ay tatanggihan.

11. Gaano katagal ang hihintayin para makakuha ng visa?

Ang visa ay maaring maibigay o tanggihan sa loob ng 90 araw ng pagsusumite ng aplikasyon; sa halip, ng 30 araw para sa empleyado at 120 araw para sa mga self-employed.

12. Kailan kailangan ang re-entry visa?

Ang re-entry visa ay ibinigay ng Embahada o Konsulado Italyano sa bansang pinagmulan. Ang re-entry visa ay nagbibigay-daan upang bumalik sa Italya sa mga kaso kung saan ang:

- may hawak na residence permit na pang-matagalan ay may bisa ng isa o dalawang taon (ibig sabihin lampas ng siyamnapung araw), ay nag-expire na hindi hihigit sa 60 araw, sa kondisyon na maipapakita ang dokumento na nag-expire - sa kaso ng napatunayang malubhang kalusugan ng dayuhan, ng kanyang mga kamag-anak sa unang grado o asawa - ay sapat na ang pahintulot ay nag-expire na hindi higit sa anim na buwan;
- walang residence permit, dahil ito ay nawala o nanakaw, sa kondisyon na may kopya ng reklamo ng pagnanakaw o pagkawala

13. Ano ang mga dapat gawin upang makakakuha ng visa sa turismo?

- Ang tourist visa ay nagbibigay-daan para makapasok sa maikling pananatili (hanggang 90 araw) sa Italya at sa iba pang mga bansa ng Schengen, ng mga banyagang mamamayan na nagnanais na maglakbay para sa turismo.
- Ang mga kinakailangan at mga kondisyon para sa pagkuha ng visa ay:
- mga dokumento na nagpapatunay ng pagkakaroon ng sapat na pinansiyal na mga mapagkukunan upang masuportahan ang paglalakbay (credit cards, garantiya ng banko, insurance, atbp.)
- round-trip tiket o booking o availability ng malayang paraan ng paglalakbay;
- dokumento na nagpapakita ng pagkakaroon ng tutuluyan (hotel reservation, deklarasyon ng ospitalidad, atbp.)
- health insurance.

14. Ano ang kailangan kong gawin upang makakakuha ng visa para sa pag-aaral?

Ang mga kinakailangan at mga kondisyon para sa pagkuha ng visa ay:

- dokumentado na garantiya ng kurso ng mataas na pag-aaral, bokasyonal na pagsasanay o kurso na pinondohan ng Pamahalaang Italyano na susundin, o ang gawain na pananaliksik na isasagawa;
- sapat na garantiya ng paraan ng pagsuporta. Garantiyang nagkakahalaga ng 442.30 € bawat buwan (katumbas ng € 5,750.00 bawat taon) para sa bawat buwan ng buong taong akademiko. Ang kakayahan na magagamit sa Italya ng gayong pagsustento ay dapat naitaguyod sa pamamagitan ng personal o pampinansyal na garantiya na ibinigay ng Institusyon o Entidad Italyano o mga banyagang institusyon at organisasyong itinatag ng credit (hindi maaaring maipakita sa pamamagitan ng isang garantiya ng bangko o guarantee policy)
- insurance para sa medikal na pangangalaga sa ospital at, sa hindi pagkakaroon ng karapatan para sa pangangalaga ng kalusugan sa Italya sa pamamagitan ng kasunduan o convention sa bansang pinagmulan;
- pagkakaroon ng tutuluyan: hotel reservation o deklarasyon ng ospitalidad, na ibinigay ng Italyano o banyagang mamamayan na legal na namamalagi sa Italya.

- ang entry visa para sa paglahok sa mga aktibidad ng pag-aaral o kurso ng pag-aaral o propesyonal na pagsasanay ng mga paksa na medikal at pangkalusugan na kinasasangkutan ng mga exercise ng medikal na mga gawain ay magiging paksa, bilang karagdagan sa lahat ng pagtugon sa mga pangangailangan na normal na inaasahan, maging ang pagkilala ng kwalipikasyon sa parte ng Ministry of Health. Sa mga kaso kung saan ay hindi inaasahan na tuparin ang mga gawain na may kinalaman sa kalusugan, ang legal na direktor ng ospital kung saan ginagawa ang pag-aaral ay magbibigay ng isang tiyak na pahayag na may kahulugan upang gamitin ng mga diplomatiko-konsulado.

15. Sino ang maaring mabigyan ng visa para sa mga layunin ng pag-aaral?

Ang visa para sa mag-aaral ay nagbibigay-daan para makapasok sa Italya para sa layunin ng pang-matagalang pamamalagi subalit may takda ang panahon, sa mga dayuhan na nagbabalak na kumuha ng kurso sa kolehiyo.

Ang visa para sa pag-aaral, mahaba o maikli, ay ibinibigay din sa mga banyagang mag-aaral:

- na nasa legal na edad, na nais sundan ang mas mataas na edukasyon ng kurso ng pag-aaral na kaayon sa naunang mga pagsasanay na kung saan maipapakita ang matagumpay na acquisition sa bansang pinagmulan;
- na may legal na edad na pinapayagan na dumalo sa mga kurso ng pag-aaral sa sekundaryong paaralan at mas mataas na edukasyon at mas mataas na teknikal na edukasyon;
- mga menor de edad, gayunpaman may higit sa edad na 14, na lumahok sa mga programa ng pagpapalitan at kultural na mga hakbangin na nakatanggap ng naunang pahintulot mula sa Ministry of Foreign Affairs at ng Ministri ng Edukasyon, University at Research (o, sa lugar nitong huli, ng Ministri ng Heritage at Kultura)
- dayuhan na tinawag upang lumahok sa mga aktibidad sa framework ng mga programa kooperasyon at pakikipagtulungan ng Pamahalaang Italyano;
- dayuhan na nagnanais na pumasok sa Italya para sa mga advance na mga gawaing pananaliksik o ng mas mataas na pag-aaral, na hindi kabilang sa kategorya ng mga sining. art.27-Ter ng Tu 286/98;
- may legal na edad na natanggap na dumalo sa bokasyonal na kurso sa pagsasanay at apprenticeships sa loob ng taunang quota sa pamamagitan ng Ministro ng Labour at Social Policy.

16. Saan ako maaring mag-aplay para sa visa?

Kailangang hilingin sa Embahada o Konsulado na responsable para sa lugar na pinagmulan o paninirahan. Sa huling kaso na ito, kailangan mong ipakita na mayroon isang wastong permit ng paninirahan sa bansa kung saan kinakailangan ang visa.

17. Paano ako legal na mamamalagi sa Italya na ang visa ay para sa layunin ng pag-aaral?

Ang visa para sa pag-aaral ay may dalawang uri:

- Schengen visa, na maikli ang tagal, mas mababa sa 90 araw sa loob ng isang semestre, sa kaso na ito, ay kailangang ipahayag ang presensiya sa mga lokal o awtoridad ng hangganan awtoridad o ang commissioner ng lalawigan sa lugar kung saan natatagpuan sa loob ng 8 araw ng pagdating sa Italya;

- Pambansang Visa, pang-matagalan, para sa pananatili ng mahigit sa 90 araw, ngunit may palugit ang panahon; sa kaso na ito ay dapat na mag-aplay para sa residence permit para sa pag-aaral sa mga awtoridad ng pulisya, sa loob ng 8 araw ng trabaho mula ng pagdating sa Italya.

18. Natagpuan ko ang kurso sa unibersidad na nais kong pasukan sa Italya, paano ako makakapagpatala?

Bawat taon, ang bawat unibersidad o instituto ng mas mataas na edukasyon sa sining, musika at para sa sayaw Italyano ay nagtataglay ng bilang ng mga pwesto ng bawat kurso para sa banyagang mag-aaral na nakatira sa ibang bansa. Sa pagkonekta sa site http://www.studiare-in-italia.it/studentistranieri/ site ay posible na malaman ang bilang ng mga pwesto na nakalaan sa pang-akademikong taon para sa mga banyagang mag-aaral.

Kapag nahanap ang kurso na interesadong pag-aralan, maaari mong isumite, sa angkop na panahon, ang kinakailangan para sa pre-enroll sa University Italyano na napili, sa pagsusumite sa diplomatiko Italyano o konsulado na representasyon sa iyong bansa. Ang aplikasyon ay dapat na isinumite sa orihinal at dalawang kopya ng Modelo "A" / Form na "A" na makikita sa website ng Ministri ng Edukasyon, University at Research ang aplikasyon ay dapat na sinamahan ng isang serye ng mga dokumento, opisyal na isinalin sa wikang Italyano, na nakapahiwatig sa mismong modelo.

Ang kinatawan kapag nakuha ang pre-enrollment application ay magpapatuloy upang **mabigyan ng visa para sa pagpasok**, upang mabigyan-daan ng pagkuha ng pagsusulit para sa admission at pagpapatala sa unibersidad.

Kung hindi ka exempted dahil may hawak ng tamang certification, kailangan ring suportahan ang isang pagsubok ng wikang Italyano, na gaganapin sa punong-himpilan ng Unibersidad na napili ayon sa iskedyul na naka-post sa website ng Ministri ng Edukasyon.

19. Mayroon akong pahintulot upang mag-aral sa ibang bansa ng European Union. Dapat ba akong mag-apply para sa isang visa upang ipagpatuloy ang aking pag-aaral sa Italya o para makapasok sa isang kurso na may kaugnayan sa aking pag-aaral?

Hindi, hangga't mayroon kang mga kinakailangan ayon sa ipinatutupad ng batas Italyano, na lumahok sa isang programa ng Komunidad o bilateral exchange sa Estado ng pinagmulan, o kung ikaw ay may pahintulot na manirahan sa isang bansang EU na hindi bababa sa dalawang taon, at inilakip sa kahilingan na manatili ang mga papeles sa mga pang-akademikong awtoridad ng bansa EU kung saan nagawa mo na ang mga kurso ng pag-aaral, kung saan ay natukoy na ang mga programa ng pag-aaral na isasagawa sa Italya ay karagdagan sa mga nagawa na.

Kung ang pananatili sa Italya ay mas mahaba kaysa sa tatlong buwan, sa anumang kaso, dapat mag-aplay ng permit para sa paninirahan.

20. Maaari ba akong makakuha ng visa para sa mga layunin ng pag-aaral nang hindi ko alam ang wikang Italyano?

Hindi, kinakailangang magkaroon ng isang pangunahing kaalaman ng wikang Italyano, na kung saan ay itinatatag sa punong-himpilan ng Unibersidad na napili ayon sa iskedyul na naka-post sa website ng Ministri ng Edukasyon. Ang pagsusuri ng kaalaman sa wikang Italyano ay hindi kinakailangan sa kaso kung saan ang kurso ay isinasagawa ng eksklusibo sa isang banyagang wika, sa huling kaso na ito ang indibidwal na mga unibersidad ay maaaring magbigay, na bahagi ng pagsasarili ng unibersidad, ang pagkakaroon ng mga tinukoy na certification. Hindi maaaring maging kabilang sa karagdagang pagsusuri ng kumpetisyon o attitudinal – kapag ibinibigay - ang mga taong hindi nakapasa sa pagsusulit ng wikang Italyano.

21. Ano ang dapat kong gawain upang makakuha ng visa para sa medikal na pagpapagamot?

Ang visa para sa medikal na pagpapagamot ay pinahihintulutan na makapasok upang manatili para sa maikli o mahabang panahon, ngunit may takda, sa mga taong dayuhan na kailangang sumailalim sa medical treatment sa mga institusyon pangkalusugan Italyano.

Ang mga dayuhan na nangangailangan ng visa para sa mga medikal na paggamot ay dapat na mayroong:

dokumentasyon medikal-kalusugan kabilang ang :

- medikal na mga dokumentasyon na nagmula sa bansang pinaninirahan, na nagpapatunay ng aktwal na sakit
- deklarasyon ng istruktura Italyano pampubliko o pribadong pasilidad (itong huli ay dapat na kinikilala ng National Health Service) na nagpapahiwatig ng uri ng paggamot, petsa ng simula, tagal at tinatantya na halaga.
- deklarasyon ng ospital o pahayag na kumukumpirma na hindi bababa ang deposito ng 30% ng kabuuang gastos ng pagpapagamot;
Ang dayuhan na nilagdaan ang kasunduan sa integrasyon ngunit sa panahon ng pag-verify ay may hawak ng isa sa mga sumusunod na uri ng pahintulot ng paninirahan: residence permit para sa asylum, asylum, subsidiary proteksyon, humanitarian, mga kadahilanang pampamilya, residence permit EC para sa pang-matagalang residente, residence permit para sa mga banyagang miyembro ng pamilya ng mamamayan ng European Union, pati na rin ang mga dayuhan na may hawak ng ibang pahintulot ng paninirahan na ginanap ang kanyang karapatan sa family reunification.
Sa anumang kaso, ang pagiging epektibo ng kasunduan ay maaaring masuspinde o madagdagan sa kahilingan ng dayuhan, sa pagkakaroon ng malubhang problema sa kalusugan, malubhang dahilan sa pamilya, trabaho, dumalo sa mga kurso o pagsasanay, mga upgrade o professional orientation, pag-aaral sa ibang bansa.

3.3 EC residence permit para sa pangmatagalang residente.

59. Ano ang EC residence permit para sa pangmatagalang mga residente?
Ito ay isang residence permit na nagpapahintulot na manatili nang walang hangganan sa Italya**..**
Ang residence permit para sa EC pang-matagalang residente ay isa ding dokumento sa personal identification para sa hindi hihigit sa 5 taon mula sa petsa ng pagka- isyu o pag-renew. Ang pagre-renew ay ginagawa sa pamamagitan ng kahilingan ng taong nababahala na may kasamang up-dated na litrato.

60. Ano ang mga kinakailangan upang magkaroon ng residence permit EC para sa pang-matagalang residente?
Ang residence permit EC para sa pang-matagalang residente ay maaring maibigay sa banyagang mamamayan sa pagkakaroon, ng hindi bababa sa **5 taon** ng balidong pahintulot ng paninirahan, sa kondisyon na maipapakita na may availability ng minimum na kinikita taon-taon na katumbas ng social allowance (katumbas ng € 5.818,93 para sa 2014) at ang kaalaman ng wikang italyano (tingnan ang katanungan 63).

Babala : Ang panahon ng paglagi nang aplikante na may legal na katayuan na diplomatiko o katumbas o may permit ng panandaliang paninirahan ay hindi dapat na kabilang para sa pagkalkula ng pagkakaroon, na hindi bababa sa limang taon ng isang residence permit na balido.
Ang pagkawala ng estranghero sa bansa ay hindi makakagambala sa panahon ng 5 taon ng pagkakaroon, sa kanyang bahagi ng residence permit at ito ay kasama sa pagkalkula, sa kondisyon na ito ay mas mababa sa 6 na magkakasunod na buwan at hindi lumalagpas sa kabuuan ng 10 buwan sa loob ng limang-taong, maliban na lamang kung ang pagkaantala ay nababatay sa pamamagitan ng pangangailangan na matupad ang mga obligasyon sa militar, seryoso at dokumentado na mga kadahilanan para sa kalusugan o iba pang malubhang dahilan.

60 bis. Ako ay mayroong mga kinakailangan para mag-aplay para sa pangmatagalang residence permit EC, maaari ko ring hilingin para sa aking kapamilya?
Ang residence permit EC para sa pang-matagalang residente ay maaaring hilingin ng mga dayuhan sa pagkakaroon ng mga kondisyon na nasa itaas (faq 57) pati din para sa miyembro ng pamilya (asawa, umaasang anak, umaasang anak na nasa wastong edad kung hindi makapagbigay ng para sa kanilang mga mahahalagang pangangailangan ng buhay, ang mga magulang na nakadepende na walang tamang suporta ng pamilya sa kanilang sariling bansa). Sa kasong ito kailangan mong patunayan gayundin ang sapat na kita na may pagtatangi sa komposisyon ng sambahayan, ang availability ng angkop na pabahay na nakakatugon sa mga legal na mga kinakailangan para sa minimum na rehiyonal na mga yunit ng pampublikong pabahay o kung saan ay ibinigay ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat, na naitaguyod ng lokal na kumpanya para sa kalusugan na nanunungkulan sa teritoryo.

Atensyon : Para makakuha ng residence permit EC para sa pangmatagalang residente para sa mga miyembro ng pamilya, ang mga Pulis ay nangangailangan na pati ang mga miyembro ng pamilya ay mayroong kinakailangan na nakaraang nanatili ng limang taon sa italya. Sa puntong ito, gayunpaman, ay may ipinahiwatig na magkaibang oryentasyon ng kautusan, ayon sa kung saan ang kinakailangan na paninirahan ng limang taon ay dapat na iniulat lamang ng estranghero na legal na residente at hindi pati ang kanyang pamilya (tingnan ang Court of Appeal ng Venice, hatol ng setyembre 9, 2013)

61. Saan ako maaaring humiling nito?
Ang aplikasyon ay dapat na isinumite sa post office sa paggamit ng kit. Ang mga menor de edad ay dapat samahan ng magulang. Ang application ay maaari ring isinumite sa munisipyo o sa Manggagawa na nag-aalok ng serbisyong ito (konsultahin ang mga Sangay ng Unyon (Patronati) sa pambansang teritoryo sa Portale Integrazione)

62. Magkano ang magagastos upang makakuha ng EC permit para sa pang-matagalang residente?.
Mula ng Enero 30, 2012 ay kinakailangang magbayad ng kontribusyon ng € 200.00. Ang iba pang mga gastos ay;
- ang pagbabayad ng € 16,00 revenue stamp na nakakabit sa module;
- ang pagbabayad ng € 30 na babayaran sa counter para sa pagpapadala ng sobre sa pamamagitan ng inirehistrong koreo;
- ang pagbabayad ng € 27.50 para sa pagpapalabas ng permit ng paninirahan sa electronic format.

63. Gaano katagal ang EC residence permit para sa pangmatagalang mga residente?
Ang residence permit EC para sa pang-matagalang residente ay walang taning.
Ang permit ay may bisa din bilang dokumento ng personal identification. Kung nais mong gamitin bilang dokumento ng pagkakakilanlan, gayunpaman, ay dapat na nai-renew tuwing 5 taon.

64. Ano ang mga dokumento na kailangan kong ipakita upang makakuha ng residence permit EC para sa pang-matagalang residente?
Ang aplikasyon ay dapat na gawain sa paggamit ng form na makukuha sa post office na kailangang ipahiwatig sa application ang mga sumusunod:
- buong mga detalye;
- isang pahayag ng mga lugar na tinirahan o tinitirahan ng huling 5 taon;
- pinagmumulan ng kita kasama ang mga nagmumula sa pagkilala ng pensiyon para sa kapansanan (pagtukoy ng halaga);
- sertipiko ng pagpasa sa pagsusulit ng wikang Italyano antas A2 o exemption;
- pahayag ng mabuting pakikitungo o pagbebenta ng gusali o kontrata ng pag-upa ng bahay o pagbebenta;
- 4 na passport-size na litrato, na magkakapareho ang pagkakuha;
- residence permit at isa pang kopya nito;
- isang kopya ng kodigo ng pagbubuwis (codice fiscale) o self- certification;
- Sertipiko ng criminal record at nakabinbing pagsingil;
- ang kopya ng tax return o ng CUD;
- Sertipiko ng katayuang pampamilya o self-certification;
- 1 selyo.

Bukod pa :
Kung ikaw ay isang manggagawa:
- katunayan mula sa amo (na may isang kopya ng kanyang dokumento na pagkakakilanlan) na nagpapatunay ng pagpapatuloy ng relasyon ng trabaho)
- ang isang kopya ng pinakabagong sweldo;
- ng isang kopya ng mga papeles na may kinalaman sa pagkatanggap sa trabaho;

- kopya ng binayaran sa INPS (para sa mga domestic workers);
- income statement.

Kung ikaw ay may sariling empleyo:

- Kopya ng sertipikado ng rehistrasyon sa Camera di Commercio, Industria e Artigianato , rehistro o albi, orihinal na maipapakita;
- ang orihinal na maipapakita at kopya ng VAT registration .

65. Ano ang mga dokumentong kailangan kong ipakita upang magkaroon ng residence permit EC na pang-matagalang residente ang aking pamilya?

Kailangang maipakita para sa bawat miyembro ng pamilya, bukod sa mga karagdagang mga dokumento na nakalista sa itaas, ang mga dokumento na nagpapatunay:

- isang kopya ng residence permit ng pamilya;
- Self-certification o katayuan pampamilya na nagsasabi ng komposisyon ng sambahayan; ang availability ng sapat na pabahay, na pinapatunayan ng sertipiko ng pagiging karapat-dapat, na naitaguyod ng lokal na kumpanya para sa kalusugan na mga nanunungkulan sa teritoryo o sa munisipalidad;
- kopya ng papeles na nagpapatunay ng kinikita (kung mayroon ka) at ng asawa na sa kanya nakapangalan ang residence permit EC;

66. Ano ang antas ng kaalaman ng wikang Italyano na dapat ay mayroon ka, upang maging kuwalipikado para sa residence permit EC para sa pang-matagalang residente?

Mula ng Disyembre 9, 2010 upang mabigyan ng **residence permit EC para sa dayuhan na pang-matagalang naninirahan** ay dapat na maipakita ang kaalaman tungkol sa wikang Italyano. Ang minimum na antas ng kasanayan na kinakailangan upang makakuha ng residence permit EC para sa pang-matagalang residente ay nasa Level A2 ng European Common Framework ng sanggunian para sa kasanayan sa wika na inaprubahan ng Konseho ng Europa. Ito ay isang pangunahing antas ng kaalaman ng wika upang makipag-ugnayan sa mga aktibidad na nangangailangan ng isang simple at direktang palitan ng impormasyon sa mga pamilyar at pangkaraniwang mga usapin at upang simpleng ilarawan ang kanyang buhay at mga nakapalibot na kapaligiran.

Ang kaalaman sa wikang Italyano na ang antas ay A2 ay maaaring ipakita sa maraming paraan:

- sa pamamagitan ng isang certification ng kaalaman ng Italyano antas A2 na ibinigay ng isa sa apat na mga kinatawan ng Sertipikasyon na kinikilala ng Ministry of Foreign Affairs at Ministry of Education, University and Research (University para sa mga banyaga ng Perugia, University para sa mga banyaga ng Siena, Università degli Studi di Roma Tre, Società Dante Alighieri)
- sa pagkakaroon ng isang kwalipikasyon na nakuha sa Italya (License ng middle school, High school graduate, university);
- pagpapakita na pumapasok sa isang kurso ng pag-aaral sa Italian University, pang-estado o non- estado na legal na kinikilala, doctorate o master degree;
- pagpapakita na pumapasok o pumasok sa kurso sa Italian sa permanenteng teritoryal Center (CTP), na kung saan sa pagtatapos ay ibinibigay ang sertipikasyon ng kaalaman ng wikang Italyano sa isang antas na hindi mas mababa kaysa sa A2 ng QCER.
- pagkilala ng antas ng kaalaman ng wikang Italyano na hindi mas mababa kaysa sa antas ng A2 sa konteksto ng mga credits na naipon para sa kasunduan ng integrasyon;

- sertipikasyon na ang pagpakapasok sa Italya at ay alinsunod sa art. 27 ng Immigration upang isakatuparan ang mga sumusunod na aktibidad: executive o personnel manager ng kumpanya, propesor sa unibersidad, tagasalin o interpreter, journalist or employee of the press;
- pagpasa sa pagsubok sa kaalaman ng wikang Italyano A2 level.

67. Alam ko ang wikang Italyano, ngunit wala akong sertipiko na nagpapatunay, paano ko mapatunayan ang aking mga kasanayan sa wika?

Sa kawalan ng certification ng kaalaman ng wikang Italyano, upang makakuha ng pangmatagalang permit EC ay kinakailangan na kumuha ng isang **pagsubok sa isang CTP.**
Upang mag-apply para sa pakikilahok sa pagsubok ng kaalaman ng wikang Italyano ay dapat na kumonekta sa site https://nullaostalavoro.interno.it/Ministero/index2.jsp sa pamamagitan ng pagrerehistro at pag-log on sa "reserved area". Ang registration ay libre, at kinakailangan ang wastong e-mail address at gumagana upang maisagawa. Upang makatanggap ng tulong para sa pagsusumite ng application, maaari kang makipag-ugnay sa isang **opisina (patronato)**
Maaaring makakuha ng residence permit EC para sa pang-matagalang residente nang hindi na kinakailangang patunayan ang kasanayan sa wika?
Hindi, mula Disyembre 9, 2010 upang makuha ng residence permit ay kinakailangang ipakita ang mga kaalaman ng wikang Italyano. Ang tanging eksepsiyon ay pinahihintulutan kung ang permit EC ay kinakailangan ng:
- para sa mga anak na nasa ilalim ng 14;
- ang tao na may malubhang limitasyon ng language learning capacity, na attested sa pamamagitan ng pagpapatunay na ginawa sa isang pasilidad ng pangangalaga sa kalusugan.

68. Ano ang mga karapatan ko bilang may-hawak ng residence permit EC para sa pang-matagalang residente?

Ang residence permit EC para sa pang-matagalang residente ay walang taning. Bilang may-hawak ng permit, ay kinikilala ka na may isang partikular na legal na katayuan, na nagbibigay garantiya ng higit pang karapatan kaysa sa mga ibinibigay sa iba pang non -EU nationals na may hawak ng regolar na permit ng paninirahan, o:
- maaari kang pumasok at lumabas sa Italya nang walang visa;
- maaari kang magsagawa ng anumang uri ng legal na aktibidad ayon sa batas na hindi hayagang ipinagbabawal sa dayuhan o nakalaan para sa mga mamamayang Italyano. Upang isakatuparan ang trabaho ay hindi kinakailangan ang kasunduan ng kontrata ng paninirahan;
- maaari kang manatili, maging para sa pag-aaral at sa trabaho sa ibang Estado Schengen, para sa panahon na higit pa sa 90 araw, sa pagsunod sa mga panuntunan na ipinatutupad ng iba pang Estado Miyembro. Kinakailangan, samakatuwid, na makipag-ugnay sa representasyon diplomatiko - konsulado ng bansa kung saan nilalayon mong pumunta upang i-verify ang mga kondisyon na kinakailangan.
- maaari kang makilahok sa mga pampublikong mga kumpetisyon, maliban sa mga pwesto na napapaloob sa direkta o hindi direktang pagsasakatuparan ng mga pampublikong awtoridad, o may kaugnayan sa pangangalaga ng mga pambansang interes (ex. magistrates, militar)
- maaari kang magkaroon ng access sa financial aid para sa mga taong may kapansanan (kabilang ang mga menor de edad na nakarehistro sa residence permit EC para sa pangmatagalang mga residente ng magulang);
- maaari kang makakuha ng tulong pinansyal sa pagbubuntis at ng allowance para sa numerous family

- maaari kang makakuha ng mga benepisyo ng welfare. kung legal kang tumira ng tuloy-tuloy na hindi bababa sa sampung taon sa pambansang teritoryo;

Maaari ka lamang paalisin kung:
- para sa mga malubhang dahilan ng pampublikong order o pambansang seguridad pati na rin sa paglaban sa terorismo internasyonal;
- sa kaso ng paglalapat laban sa kanila ng personal preventive measure.

69. Maaari bang tanggihan o mawalan ng saysay ang residence permit EC para sa pang-matagalang residente? Tinatanggihan ang residence permit EC para sa pang-matagalang residente kung ang aplikante ay nasentensiyahan para sa isa sa mga pagkakasala na ipinatutupad ng Artikulo 380 c.p.p. pati na rin, limitado sa intensyonal krimen, ng Artikulo 381 at kung may ipinalabas na sentensiya (kahit na hindi tiyak) na kung saan ay hindi hinahangad pagbabagong-tatag. Ang residence permit EC para sa pang-matagalang residente ay maaari ring tanggihan kung nawala sa Italya ng tuloy-tuloy sa panahon ng higit sa anim na buwan o sa kabuuan ng 10 buwan sa nakalipas na limang taon ng residency na kailangan (maliban kung ang nasabing pagkaantala ay naka depende sa pangangailangan na matupad ang serbisyo militar o sa mga malubha at napatunayang dahilan); at ito ay maaaring tanggihan para sa dahilan ng kaayusang pambayan at seguridad ng estado.
Ang Police Commissioner ay nagpapasiya ng pagpapawalang-saysay kung may ipinalabas na sentensiya (kahit na hindi tiyak) na kung nahangad ang pagbabagong-buhay ay maaaring itong makuhang muli.
Maaari itong bawiin sa kaganapan na iniwan mo ang European Union para sa isang panahon paglampas sa 12 buwan o para sa mga kadahilanan ng pampublikong kaayusan at seguridad ng estado.
Sa pagsasagawa ng desisyon ng pagpapawalangsay-say ay isinasaalang-alang ang edad ng mga taong interesado, ang haba ng panahon na nanatili sa pambansang teritoryo, ang pagkakaroon ng kaugnay pampamilya at panlipunan sa pambansang teritoryo at ang kawalan ng naturang mga balakid sa bansang pinagmulan.

70. Anong maaari kong gawin kung tanggihan o sa pagpapawalang-saysay ng residence permit EC para sa pang-matagalang residente?
Maaari kang mag-apela sa TAR (Regional Administrative Court) na may karampatang kapangyarihan.

71. Ako ay mayroong residence permit EC para sa pangmatagalang mga residente na ibinigay ng ibang estado ng EU, sa ganitong pahintulot maaari akong manatili sa Italya?
Kung ikaw ang may hawak na permit para sa pangmatagalang residente na nakuha sa iba pang Estado ng Union ay maaaring makapasok sa Italya nang walang visa at manatili para sa panahon na higit sa tatlong buwan, upang:
- maari kang magtrabaho o self-employed o subordinate na napapailalim sa iba pang mga kondisyon na inilatag sa pamamagitan ng pambansang batas;
- maaari kang pumasok sa kurso ng pag-aaral o bokasyonal na pagsasanay;
- manatili para sa iba pang mga layunin, kung mapapatunayan na may pang-ekonomiyang mapagkukunan katumbas ng hindi bababa sa dalawang beses ng minimum na kinakailangan ng batas para sa exemption ng pakikilahok sa pangangalaga ng kalusugan at health insurance halos 8500 €).

Sa loob ng tatlong buwan ng iyong pagdating sa Italya, gayunpaman, ay dapat kang mag-aplay para magkaroon ng permit upang manatili sa Italya at sa kaso ng paglagi para sa trabaho ay kailangan ang clearance para sa trabaho.
Ang mga clearance na nasabi ay ang inilalabas kahit na ikaw ay nasa Italya na, bilang bahagi ng espesyal na mga quota na itinakda ng decrees ng daloy (decreto flussi) na taun-taon ay ipinapalabas para sa programming ng pagpasok na ang kadahilanan ay trabaho.
Para sa pananatili ng mas mababa sa tatlong buwan, ay sapat na ang dayuhan ay ipakita ang deklarasyon sa Police Commissioner, katulad ng mga dayuhan na may hawak ng iba pang permit na ibinigay ng ibang bansa ng EU.

72. Asawa ako ng isang estranghero na may hawak na permit para sa pangmatagalang residente na nakuha sa iba pang Estado ng Union, maaari akong pumasok at manirahan sa Italya kasama ang aking asawa?
Oo, pati ang mga kapamilya ng mga may hawak ng permit ay maaaring pumasok sa pambansang teritoryo nang hindi kailangang mag-aplay para sa visa at maaaring kumuha ng residence permit para sa dahilan ng pamilya kung siya nakatira, na sa batayan, ng unang Estado Miyembro at kung may mga kinakailangan na ipinatutupad ng batas para sa family reunification.

3.4 Area Schengen

73. Ano ang Schengen area?
Ito ay isang karaniwang lugar na libre ang paggalaw ng mga mamamayan ng mga Estado na kasapi. Ang lahat ng mga bansa ng Schengen area (Austria, Belgium, Denmark, Estonia, Finland, France, Germany, Greece, Italy, Iceland, Latvia, Lithuania, Luxembourg, Malta, Netherlands, Norway, Poland, Portugal, Czech Republic, Slovakia, Slovenia, Espanya, Sweden, Switzerland at Hungary.) na inalis ang pagsusuri sa kanilang mga karaniwang hangganan at lumikha ng pinag-isang sistema ng visa at pagpasok.

74. Ano ang mga kundisyon para sa posibleng paggalaw sa Schengen aerea?
Kung ikaw ay isang dayuhan at may pasaporte at residence permit na balido sa Italya, maaari kang libreng gumalaw at manatili hanggang sa panahong hindi hihigit na tatlong buwan sa isa sa mga bansa na nakalista sa itaas. Sa panahong ito hindi ka maaaring magtrabaho, makalipas ang tatlong buwan, dapat kang bumalik sa Italya.
Kung ikaw ay may hawak ng isang residence permit EC para sa pang-matagalang residente, maaari kang gumalaw at manirahan sa mga bansa ng Schengen Area kung saan ay ipinatupad ang EC Directive sa pang-matagalang residente para sa panahon na mas mahaba sa 90 araw, upang:
- magtrabaho (employed o self-employed);
- pag-aaral at propesyonal na pagsasanay;
- Residence (sa pagpapakita na nakakatugon sa mga kinakailangan).

Attention: Ang Identity Card na ibinigay ng Munisipalidad ng tinitirahan ay hindi wasto para sa paglalakbay sa ibang bansa at, samakatuwid, para sa paggalaw sa Schengen area ay kailangan ang pasaporte, kung hindi, ay may panganib ng pagpapaalis.

75. Ako ay naghihintay ng pag-renew ng residence permit: Maaari ba akong magbiyahe sa mga bansa ng Schengen?

Kung ang iyong residence permit ay nasa proseso ng pag-renew, ay pinapayagan kang umalis at pumasok muli sa bansa na walang visa, ngunit **ang paglalakbay ay hindi dapat kasama ang pagdaan (kahit sa pansamantalang paghinto ng eroplano) sa ibang mga bansa na sumusunod sa mga kasunduan sa Schengen. Kailangan mo ring ipakita ang mga sumusunod na dokumento:**

- pasaporte o iba pang katumbas na wastong dokumento ng pagkakakilanlan para sa foreign travel;
- ang orihinal o kopya ng lumang residence permit;
- ang orihinal o kopya ng aplikasyon para sa renewal ng permit ng paninirahan.

Ang paglabas at muling pagpasok ay maaaring maganap sa pagdaan sa **external border crossing points**, kahit **magkakaiba** ang mga ito.

76. Ako ay naghihintay ng paglabas ng unang residence permit: Maaari ba akong magbiyahe sa mga bansa ng Schengen?

Kung ikaw ay naghihintay ng paglabas ng unang residence permit para sa trabaho at pampamilya, hindi ka maaaring lumabas at gawing bumalik sa Italya sa pamamagitan ng pagbibiyahe sa isang bansa ng Schengen aerea.

Ang paglabas at muling pagpasok ay maaaring maganap sa pagdaan sa **external border crossing points**, kahit **magkakaiba** ang mga ito, **na magpapakita ng mga sumusunod na papeles:**

- Pasaporte o katumbas na dokumento ng paglalakbay;
- visa na iminumungkahi ang dahilan ng pananatili
- resibo na nagpapatunay ng pagsumite ng kahilingan para mai-release.

4 Trabaho

4.1 Ang trabaho sa Italya

Sa Italya ang kaugnayan sa trabaho ay may tatlong uri:

- *Trabaho bilang empleyado, natukoy, o seasonal;*
- *Para-subordinate na trabaho (ex. Kontrata sa Proyekto)*
- *Self-employed*

Ang suweldo at ang economic treatment na ang empleyado ay may karapatan para sa kanilang mga trabaho sa serbisyo ng employer, ay dapat na kasukat sa dami at kalidad ng mga trabaho at sa anumang kaso na sapat upang matiyak sa manggagawa at sa kanyang pamilya ang malaya at marangal na pamumuhay.

Ang minimum na pasahod para sa trabaho ay natutukoy alinsunod sa mga kolektibong kasunduan (nasyonal, rehiyonal, Teritoryal), na kung saan ay palaging iginagalang. Upang sa katapusan, ang employer ay dapat na tiyakin ang pagsunod sa mga antas ng oras ng paghiling ng mga dokumento para sa pagpasok at paninirahan. Karamihan sa mga proteksyon sa konteksto ng relasyon sa trabaho ay ipinatutupad sa pamamagitan ng kolektibong kasunduan na naaangkop sa tagapag-empleyo kung saan siya natanggap na magtrabaho.

4.1.1 Trabaho bilang manggagawa

77. Ano ang trabaho bilang manggagawa

Ito ay isang relasyon sa trabaho, na nasasaklawan ng isang kontrata, kung saan ang empleyado ay sumang-ayon upang gawin ang kanyang trabaho at ang amo ay sumasang-ayon na magbayad ng suweldo sa kanya.

78. Ano ang kontrata ng paninirahan?

Ito ay isang kontrata sa pagitan ng employer at ng banyagang manggagawa na naglalaman ng mga garantiya sa parte ng employer ng pagkakaroon ng tirahan ng manggagawa at ang pangako ng pagbabayad ng gastos sa paglalakbay sa kaso ng pagpapaalis ng manggagawa sa teritoryong pambansa. Ang kontrata ng paninirahan ay hindi kapalit ng kontrata sa trabaho, ngunit kinakailangana itong nilagdaan para makakuha o pag-renew ng residence permit para sa manggagawa.

Para sa pagtatatag ng **bagong relasyon sa trabaho** ay dapat na may nilagdaan na isang bagong **kontrata ng paninirahan** para sa trabaho na kung saan ang mga gastos ng tutuluyan at ang sakaling pagpapabalik sa sariling bayan ay ililipat sa bagong employer.

Sa kaso ng unang pagpasok sa Italya para sa trabaho, ang kontrata ng paninirahan na kinakailangan na matapos ang mga bahagi sa pamamagitan ng Single Desk para sa Immigration sa loob ng 8 araw mula ng dumating ang manggagawa sa teritoryo ng Estado. Gayunpaman, sa kaso ng pagtatatag ng bagong relasyon ng pagtatrabaho ay tatapusin ng mga bahagi ang **kontrata ng paninirahan** para sa trabaho nang **direkta at malaya**, sa labas ng Single desk ng Imigrasyon , na nagpapahayag ng pangako na may kinalaman sa pabahay at gastos ng pagpapabalik sa sariling bayan sa appropriate boxes na makikita sa pinag-isang Modello Unificato-Lav ang komunikasyon na kinakailangan ng pagtanggap, para sa mga domestikong trabaho, sa komunikasyon sa INPS.

Atensyon: Ang modelo ng kontrata ng pananatili ay hindi na ginagamit, dahil ito ay naging bahagi ng modelo Unilav o, para sa mga domestic na manggagawa, mula sa komunikasyon ng Inps**.**

79. Ano ang mga limitasyon ng mga empleyado?

Ang manggagawa ay nasasakupan ng direksyon at hierarchical na kapangyarihan at pag kontrol ng employer, na tinutukoy kung paano isasagawa ang mga gawain.

80. Anong uri ng trabaho ay maaaring maisagawa ng mangagawa?

Ang pagganap sa trabaho ay maaaring may iba't-ibang nilalaman. Ang hanay ng mga gawain at mga tiyak na gawain na inaasahan na ganapin ng empleyado ay tinatawag na " mga gawain" at ito ay tinutukoy sa kontrata ng trabaho.

81. Gaano katagal ang aktibidad ng empleyado sa trabaho?

Ang normal na oras ng trabaho ay nakatakda na 40 oras bawat linggo, ngunit tumutukoy sa kolektibong kasunduan sa paggawa, sa pambansa o sectoral; ang paggamit ng mga higit na oras ay maaari, ngunit dapat na limitado.

Ang mga empleyado ay may karapatan ng 11 oras na magkakasunod na pahinga sa bawat 24 oras at panahon para magpahinga ng hindi bababa sa 24 na magkakasunod na oras, bilang patakaran kapag Linggo, bawat pitong araw.

Ang taunang bakasyon na may bayad at kailangang magtagal ng hindi bababa sa apat na linggo at hindi maaring tanggihan.

82. Saan ginagawa ang aktibidad ng manggagawa?
Ang mga empleyado ay kinakailangang magtrabaho sa lugar na tinukoy sa kontrata ng pagtatrabaho, o sa kakulangan, sa lugar kung saan ang aktibidad ay dapat gawain.
Ang mga empleyado ay hindi maaaring mailipat sa isang productive unit papunta sa sa iba pa kungdi sa pamamagitan ng katunayang teknikal, productive at organisasyonal.

83. Bukod pa sa pagtatrabaho, ano pa ang kinakailangan sa manggagawa?
Ang mangagawa ay dapat na masigasig at bigyang pansin ang mga panuntunan para sa pagpapatakbo, para sa disiplina ng trabaho na ibinigay ng amo at ng mga kasama sa trabaho at dapat kumilos sa isang matapat na pakikitungo sa amo, hindi dapat ibunyag ang mga kumpidensyal na impormasyon at iwasan na makipagkumpitensya.

84. Ano ang mga pangunahing pang-ekonomiyang mga karapatan na tatangkilikin ng mga empleyado?
- Karapatan ng kabayaran, na maaaring maging bawat oras (depende sa oras na nagtrabaho) bawat piraso (batay sa pagganap na ibinigay ng empleyado), o sa komisyon, pakikilahok sa kita at sa kapital, atbp.;
- Karapatan sa bayad danyos;
- Espesyal na allowance.

85. Ano ang mga pangunahing personal na karapatan na tatangkilikin ng mga empleyado?
- Karapatan sa pisikal na integridad at kalusugan (lingguhan na pahinga, araw-araw, bakasyon, proteksyon sa pagbubuntis, atbp.)
- Kalayaan ng pagpapahayag at pangangalaga ng pagkapribado at dignidad ng mga manggagawa;
- Karaparatan sa edukasyon para sa mga manggagawa na nag-aaral;
- Proteksyon pangkultura, paglilibang at welfare activities.

86. Ano ang mga pangunahing karapatan ng unyon ng mga manggagawa na tatangkilikin ng mga empleyado?
- Kalayaan ng pagsasaayos ng aktibidad ng unyon ng mga manggagawa;
- Karapatan upang magwelga;
- Iba pang mga karapatan ng unyon ng mga manggagawa (karapatan ng bill posting, na gamitin ang mga lokal na kumpanya para sa mga aktibidad ng unyon, atbp.)

87. Ano ang unyon?
Ito ay isang kapisanan ng mga manggagawa para sa pangangalaga ng mga karapatan at interes ng mga manggagawa, sa lugar ng trabaho at sa lipunan. Ang unyon ng mga manggagawa ay maaaring kumatawan sa kanilang mga miyembro at makipagkasundo sa kolektibong kasunduan sa pagtatrabaho na may pagkabisa ang ipinag-uutos para sa lahat ng mga tao na kabilang sa mga kategorya na siyang tinutukoy ng kontrata.

88. Ano ang trabaho na walang katapusan?

Ito ay isang kaugnayan ng trabaho, nasasaklawan ng isang kontrata, kung saan ay walang taning ang pagtatapos. Ang kaugnayan samakatuwid ay matatapos sa kaganapan ng kamatayan ng manggagawa, sa pagsang-ayon ng parehong mga partido, para sa pagbibitiw ng empleyado o pagtanggal sa trabaho na may tamang dahilan o dahilang makatuwiran sa parte ng employer.

89. Ano ang fixed-term employment (o may termino)?
Ito ay isang kaugnayan sa trabaho, nasasaklawan ng isang kontrata, na may tiyak na termino ng petsa ng pagtatapos. Ito ay maaaring mapailalim sa kategorya ng trabaho para sa trabaho o aktibidad na tukoy, mahusay na tinukoy ang nilalaman nito, na kung saan ay may natural na tagal ng oras ng pagkumpleto ng mismong aktibidad.

90. Ano ang pana-panahon na trabaho?
Ito ay may taning na trabaho na maaaring gawain lamang sa partikular nabpanahon ng taon (halimbawa, ang mga trabahador sa sektor ng agrikultura o sa hotel at turismo). Ayon sa ipinatutupad ng batas ng imigrasyon, ang ilang mga kundisyon ay ibinigay para sa mga manggagawa hindi mula sa EU na gustong pumasok Italya para sa seasonal work (ex. tiyak na quota ng pagpasok, karapatan na mauna kapag nakapasok na sa Italya para sa parehong dahilan, atbp.) .

91. Ang kontrata ng trabaho na may termino ay kinakailangang nakasulat?
Oo, ang paglalagay ng termino ay hindi epektibo kung ito hindi nagresulta , direkta o hindi direkta, sa pamamagitan ng nakasulat na dokumento.

Ang kopya ng kontrata ay dapat ibigay sa mga empleyado sa loob ng 5 araw ng pagganap ng trabaho. Sa dokumento na ito ay dapat ding nakalagay ang dahilan ng employer ng paggamit ng trabaho na may termino. Karaniwan, ang kahulugan ng mga terminong ginamit sa dulo ng mga kaugnayan sa trabaho ay pinahihintulutan lamang sa harap ng dahilan (sanhi) teknikal, produksyon, organisasyon o kapalit.
Ang reporma ng labor market (L. 92/2012) ay, gayunpaman, ipinakilala ang posibilidad na **ang kumpanya, sa unang pagkakataon na ipinasok ang kontrata** ng trabaho na may termino ng empleyado, **maaaring gawin ito nang walang obligasyon na ipahiwatig ang dahilan**. Ang unang kontrata ay maaaring tumagal ng hanggang sa 12 buwan, at hindi maaaring palawakin kahit na ang panahon na sa simula ay pinakamahaba ang tagal.

Babala: Ang nakasulat na paraan ay hindi kinakailangan, kung ang tagal ng kaugnayan ng trabaho, ay paminsan-minsan, at hindi hihigit sa 12 araw**..**

92. Paano magiging pormal ang kontrata ng trabaho?
Kapag natanggap na, ang employer ay dapat magbigay sa empleyado ng isang nilagdaang pahayag na may statement ng data ng pag-record sa aklat ng rehistro, na may sumusunod na impormasyon:
- ang iyong personal na data;
- ang lugar ng trabaho;
- ang petsa ng pagsisimula ng kaugnayan ng trabaho;
- ang tagal ng kaugnayan ng trabaho;
- ang tagal ng panahon ng pagsubok, kung mayroon man;
- ang placement, ang antas at ang kwalipikasyon ng empleyado;
- ang bayad;

- ang tagal ng bakasyon na may bayad;
- oras ng pagtatrabaho;
- panahon ng paunawa *sa kaso ng pag-alis*

93. Ano ang pinakamahaba na tagal ng kontrata ng trabaho na may taning?
Ang tagal ng kontrata ay malaya.

94. Kung mayroon akong kontrata na may taning, dehado ako kumpara sa mga permanenteng manggagawa?
Para sa mga prinsipyo ng non-discrimination , ang mga manggagawa na natanggap na may taning ang panahon ay hindi dapat ituring na mas mababa kaysa sa mga permanenteng manggagawa na nasa parehong antas. Kung kaya may karapatan, ng Christmas bonus o ika-13 (ika-14 at kung mayroon man) na buwanan, ang indemnities at anumang iba pang mga treatment na inilalapat ng kumpanya sa mga permanenteng empleyado.

95. Ang aking kontrata ng trabaho na may taning ay malapit nang matapos. Maaari itong patagalin?
Oo, ang employer ay maaaring pahabain ang kontrata, ngunit ang extension ay pinapayagan lamang:
- nang isang beses lamang;
- na may pagsang-ayon ng manggagawa;
- kung ang paunang tagal ng kontrata ay mas mababa sa 3 taon at kung, sa extension, ang kabuuang tagal ng kontrata ay hindi hihigit sa 3 taon;
- para sa parehong gawain;
- kung may mga layunin ang kadahilanan.

96. Ang aking kontrata ng trabaho na may taning ay tapos na, ngunit nagtatrabaho pa rin ako. Ito ay iligal?
Hindi, maaari itong mangyari , kahit na matapos ang termino, ang manggagawa ay patuloy na nagsasagawa ng kanyang trabaho. Sa kasong ito, ay may karapat-dapat na pagtaas ng bayad na katumbas ng:,
- 20% sa bawat araw na nagpatuloy hanggang sa ika-sampu°;
- 40% para sa bawat karagdagang- araw.
- ang pagpapatuloy ay maaaring maging 20-30 araw para sa mga kontrata ng mas mababa sa 6 na buwan at 30-50 *araw para sa mga mas matagal ang panahon*.

Higit pa sa mga limitasyon na ito ang kaugnayan ng trabaho ay magiging walang taning.

97. Sa pag-expire ng kontrata ng trabaho na may taning, ito ay maaring ma-renew?
Oo, ang mga manggagawa ay maaaring tanggapin muli sa ilalim ng kontrata na may termino, ngunit may mga kondisyon:
- pagkatapos ng hindi bababa sa 60 araw mula sa pagtatapos ng unang kontrata na ang tagal ay hanggang sa 6 na buwan;
- pagkatapos ng hindi bababa sa 90 araw mula sa pagtatapos ng unang kontrata na ang tagal ay higit sa 6 na buwan;

Ang kontrato kolektibong pambansa - at sa ngalan nitong huli, pati din ang desentralisado – maaaring magtaguyod ng pinababang agwat, sa presensya ng partikular na proseso ng organisasyon sa loob ng kumpanya (start-up, paglunsad ang isang bagong produkto o aktibidad, dagdag na yugto ng isang proyekto sa pananaliksik at iba pa,

98. Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng extension at pag-renew??
Sa extension, ang "lumang" kontrata ng trabaho ay pinalawak na lampas sa orihinal na panahon, sa pag-renew, ang employer ay muling kinukuha ang parehong manggagawa na may panibagong kontrata.

99. Ang aking amo ay nag-renew ng aking kontrata ng trabaho na may taning, na hindi sinunod ang deadline. May bisa ang aking bagong kontrata?
Oo, ngunit kung ang employer ay hindi nakasunod sa mga deadlines na nakasaad sa itaas, ang kaugnayan ng trabaho ay itinuturing na isang kontrata ng walang taning ang tagal.
Ang **pag-apila sa korte** kung nilalayon mong pawalan ng bisa ang termino ay dapat isampa sa loob ng 120 araw pagkatapos ng pagtatapos ng kontrata, habang ang **apila sa Judge ng trabaho** ay dapat iharap sa loob ng susunod na 180 araw.
Sa kaso ng paglabag sa batas ng termino ng kontrata, **ang kompensasyon at ang conversion ng kaugnayan sa trabaho sa isang indefinite period, isinasaalang-alang ang lahat ng pag-unawa** ng lahat na mga pinsala at pagkawala ng compensation at benepisyo ng empleyado. Ang compensation ay katumbas ng halaga na nagmumula sa 2.5-12 na buwan.

100. Ang mga amo ay maaaring tapusin ang kaugnayan ng trabaho ng walang tamang dahilan?
Hindi, ang maagang pagtatapos ng relasyon ng trabaho ay maaari lamang kung may tamang dahilan lamang.

101. Ako ay natanggal ng walang tamang dahilan. Ano ang maaari kong gawin?
Maaari kang humiling ng kompensasyon para sa pinsala, na ang maximum na halaga ay nasa sa pagitan ng 12 buwan at 24 na buwan, walang mga panuntunan ng karapatan na ibalik ang sa trabaho.

102. Maaari ba akong pumili na ihinto ang kontrata ng mas maaga?
Oo, ngunit kailangang respetuhin ang mga araw para sa paunawa na inaasahan sa kontrata ng trabaho**.** Kung hindi man, ay ibinabawas sa suweldo ang kompensasyon ng pagkukulang ng abiso.

ANG APPRENTICESHIP FORMATIVE

103. Ano ang apprenticeship formative (o internship) at saan ito kailangan?
Ang apprenticeship formative ay isang kontrata na **dinisenyo upang mapadali ang pagpasok ng mga kabataan sa labor marke**t. Ito ay tinukoy bilang sukatan ng aktibong patakaran na binubuo ng **oryentasyon at pagsasanay sa trabaho.** Kahit na hindi isinasagawa bilang isang kaugnayan ng trabaho, ay **naglalayong** pagyamanin ang kaalaman, **kasanayan** , **pagkuha ng kakayanan** propesyonal at ng **integration at reintegration sa trabaho.** Ang internships ay nakikilala ang kaibhan sa "curricular", mga kasama sa isang pormal na proseso ng pag-aaral na natutupad sa loob ng curricular ng mga unibersidad at mga paaralan, at ang "non-curricular". Upang makamit ang internship ay kinakailangan ang **kasunduan sa pagitan ng tagataguyod** (unibersidad, high school (pampubliko at pribado), mga opisina ng edukasyon, ahensiya ng pagtatrabaho, sentro ng pampublikong bokasyonal na pagsasanay at / o oryentasyon, pundasyon ng labor consultant, nakakagaling na mga komunidad at social kooperatiba, serbisyo para sa placemente ng mga taong may kapansanan, pribadong pang-edukasyon institusyon non-profit) at ang **host** (kompanya, propesyonal na kompanya, kooperatiba, mga pampublikong mga katawan atbp.), na **sinamahan ng isang plano ng proyekto ng pagsasanay** sa pamamagitan ng mga employer.

104. Aling mga batas ang mamamahala sa pagsasanay sa trabaho at orientation??
Sa pagsasanay at oryentasyon sa trabaho, dahil ito ay hurisdiksyon ng Rehiyon, ay inilalapat ang disiplina pang rehiyonal, kung mayroon man. Sa kawalan ng tiyak na mga probisyon, inilalapat ang Artikulo. 18 ng Batas Hunyo 24, 1997 n. 196 at ang pagpapatupad ng regulasyon (DM Marso 25, 1998 n. 142).
Sa kasunduan ng Enero 24, 2013 sa Conference ng Estado-Rehiyon, ay ibinigay ang mga alituntunin sa traineeships. Ang rehiyon at lalawigan ay pagsisikapan na baguhin ang ayos o pagkakasunud-sunod ng mga alituntunin na kinakailangan sa loob ng anim na buwan ng kasunduan. Ang mga alituntuning ito ay nagbibigay na ang pagsasanay sa trabaho at oryentasyon ay nakalaan sa mga tao na nakamit ang antas ng pag-aaral na hindi hihigit sa 12 buwan.

105. Alin ang mga tuntunin na inilalapat para sa pagsasanay at oryentasyon sa trabaho?
Sa pagsasanay at oryentasyon sa trabaho, dahil ito ay hurisdiksyon ng mga Rehiyon, ay inilalapat ang mga rehiyonal na disciplines, kung mayroon. Sa kawalan ng tiyak na mga probisyon, inilalapat ang Art. 18 ng Batas ng Hunyo 24, 1997. 196 at ang pagpapatupad ng mga regulasyon (DM Marso 25, 1998 n. 142).
Sa pamamagitan ng kasunduan na naganap noong Enero 24, 2013 sa Conference ng Estado-Rehiyon ay nagbigay ng mga patnubay tungkol sa internships. Ibinibigay ng mga alituntuning ito na ang pagsasanay at paggabay sa trabaho ay nakalaan para sa mga tao na nakatapos ng isang antas o kwalipikasyon pang-edukasyon na hindi hihigit sa 12 buwan. Ang mga kinakailangan na mga alituntunin ay ipinatutupad ng mga rehiyon sa pamamagitan ng sarili nitong mga batas

106. Ano ang maximum na tagal ng pagsasanay at oryentasyon?
Ang mga regulasyon ng internships ay sa tanging pananagutan ng Rehiyon at Lalawigan Autonomous alinsunod sa art. 117 ng Saligang-Batas. Ang mga rehiyon, samakatuwid, ay nagtatag ng kanilang sariling regulasyon ng maximum na tagal ng internships at orientation.

Sa kawalan ng rehiyonal na regulasyon, ang mga regulasyon ng internships ay mananatili alinsunod sa artikulo 18 ng Batas no. 196 ng 1997 at ang pagpapatupad ng regulasyon nito (atas ng pamahalaan ng Marso 25, 1998, n.142)
Gayunpaman ay ipinapagunita, na, para sa sa tagal ng internship, ang mga alituntunin pinagtibay sa kasunduan ng Estado-Rehiyon ng Enero 24, 2013 ay nagbibigay ng: para sa mga internships at orientation ng maximum ng anim na buwan; para sa mga placement ng integration/ reintegration sa trabaho ay maximum na 12 buwan; para sa internships na aktibo para sa lahat ng mga taong may kapansanan ang tagal ay maximum 24 na buwan. Ang maximum na tagal ng panahon para sa iba't ibang uri ay naunawaan na kasama ang extension.

107. Ano ang nilalayong ng internships integration / reintegration sa trabaho?
Ang internships sa integration-reintegration ay naglalayong ng paglikha ng pamamaraan sa integration / reintegration sa labor market ng mga walang trabaho (pati sa mobility) . Ang uri ng pagsasanay ay aktibo rin sa pabor ng mga manggagawa na napapasailaliman ng layoff, batay sa mga kasunduan sa pagpapatupad ng mga patakaran sa aktibong labor market para sa pagkakaloob ng mga panlipunang benipisyo..

108. Ang nagtapos ng pag-aaral ng higit sa 12 buwan ay maaaring gawin ang internship ng integration / reintegration sa trabaho?
Oo**,** ang mga nagtapos ng pag-aaral ng higit sa 12 buwan ay maaaring gawin ang internship ng integration / reintegration sa kundisyon na ito ay kabilang sa mga kategorya na maaaring ma-activate ang ganitong uri ng pagsasanay, maliban kung may kakaibang probisyong rehiyonal sa bagay na ito.

109. Ano ang kahulugan ng curricular internships?
Ang terminong "curricular internships " ay nangangahulugang mga internship na nagbibigay karapatan ng credit na kasama sa curricular ng unibersidad, ng mga Educational Institutions sa batayan ng mga regulasyon. Isinasaalang-alang din bilang curricular ang pagsasanay na ibinigay sa loob ng pormal na kurso ng pag-aaral o pagsasanay, bagaman hindi direktang nakatuon na makamit ang mga kredito ng pagsasanay kung magaganap ang mga sumusunod na kondisyon:

1) Promosyon ng isang internship sa parte ng Unibersidad o Instituto na awtorisadong magbigay ng pang-akademikong grado, ng isang institusyong pang-edukasyon na nagbibigay ng degree na may legal na halaga, ng isang sentro ng bokasyonal na pagsasanay na operating sa ilalim ng kasunduan ng mga Rehiyon o lalawigan.
2) Ang tatanggap ng mga hakbangin ay mga mag-aaral sa kolehiyo (kabilang ang mga universities and master students to doctoral courses), mag-aaral sa paaralang Sekondarya, bokasyonal na paaralan at mga kurso sa pagsasanay nakatala sa pag-aaral at pagsasanay sa loob kung saan ang internship ay naisulong

Magsagawa ng pagsasanay sa loob ng panahon ng pagpasok sa kurso ng pag-aaral o kurso sa pagsasanay.

110. Maaring paganahin ang internship para sa mga dayuhang mamamayan?
Sa bagay na ito ay kinakailangang kilalanin ang kaibhan ng mga:

.

1) Ang estranghero na nasa Italya na may regular na pahintulot ng paninirahan na nagbibigay daan upang gumana, ay maaring magsagawa ng traineeships, na ang kondisyon ay kapareho ng ibinibigay sa mga Italyano
2) Ang mga dayuhan na nakatira sa ibang bansa at nagnanais na pumasok sa Italya upang

gawin ang isang internship. Upang makapasok sa Italya para sa kadahilanang ito hindi kailangan ang pahintulot para sa trabaho ngunit kailangang makakuha ng isang entry visa para sa pag-aaral o pagsasanay na ibinigay ng diplomatiko o konsulado na kinaatawan sa bansa kung saan ang dayuhan ay namamalagi sa loob ng mga limitasyon ng quota na tinutukoy taun-taon (karaniwan ito ay pagkatapos ng 5,000 na binabahagi sa iba't ibang mga rehiyon). Ang pagpasok para sa internships, sa katunayan, kahit nangyayari na nasa labas ng taunang quota na itinatag ng flows decree (decreto flussi), gayunpaman, ay posible lamang sa loob ng natukoy na quota na itinatatag taun-taon sa pamamagitan ng isang atas ng pamahalaan, na itinatatag bawat tatlong taon sa pamamagitan ng inter-ministerial decree.

111. Ang mga trainees ay may karapatan na magkaroon ng sweldo?
Ang kasunduan na nilagdaan noong Enero 24, 2013, na kung saan ay pinagtibay ang mga alituntunin sa internships, na nagbibigay, na may kaugnayan sa pagbabayad ng extra-curricular internships ng naaangkop na compensation na hindi mas mababa sa € 300.00 gross bawat buwan para bayaran ang trainees, maliban lamang sa anumang kaso ng isang mas mataas na halaga na itinatag ng magkakaibang rehiyonal na batas ukol sa mga usapin na ito.

112. Ang Pambublikong Administrasyon ay may obligasyon na bayaran ang naaangkop na kompensasyon?
Upang matukoy kung ang PA ay kinakailangang bayaran ang naaangkop na pabuya, kinakailangang sumangguni sa Rehiyonal na batas:

a) kung ang mga rehiyon na may kanilang sariling regulasyon ay may mga panukala para sa mga obligasyon na bayaran ang mga pagsasanay na gaganapin sa punong-himpilan ng PA na bahagi ng Rehiyon na nababahala, ay dapat na bayaran ang sweldo.
b) Kung ang Rehiyon na nababahala ay wala pang regulasyon ukol sa mga pagsasanay na kung saan ay ginagawang sapilitan na magbigay ng sweldo, ang PA na may punong-himpilan sa pangrehiyong lugar ay maaaring magpatuloy upang i-activate ang bagong apprenticeships nang walang obligasyon na bayaran ang naaangkop na compensation hanggang hindi mamagitan ang pangrehiyonal na tuntunin na nagtatatag ng obligasyon na ito.

4.1.2 Trabaho parasubordinato

113. Ano ang trabaho na parasubordinato?
Ito ay isang kaugnayan ng trabaho na kung saan ang isang katrabaho ay nagsasagawa ng kanyang gawain sa ngalan ng isang kliyente (na siyang taga-tugma), ng mag-isa at walang employment contract. Sa paggamit ng isang tiyak na kontrata ay itinatatag ang kundisyon at kompensasyon ng pagtatrabaho. Ang kontrata na ito, tinatawag na kontrata para sa proyekto, ay dapat na may tinutukoy na tagal at detalyadong paglalarawan ng mga proyekto na kailangang isakatuparan ng empleyado. Ang mga proyekto ay dapat na nakakonekta upang makamit ang pangwakas na resulta at hindi maaaring binubuo ng reproposition ng kumpanya, at hindi rin sa mga gawaing pauli-ulit. Ang kontrata para sa proyekto ay hindi nagbibigay ng mahigpit na iskedyul o paunang-natukoy na bilang ng mga oras, ngunit ang pagganap ng proyekto sa oras at paraan na tinukoy sa pagtatapos ng kontrata.
Kung ang mga gawain ng trabahador ng proyekto ay katulad ng isinagawa ng empleyado, maliban sa pagsalungat ng customer, ang kolaborasyon ay itinuturing mula sa simula na kaugnayan sa trabaho.

114. Anong uri ng residence permit ang ipinagkaloob kung ikaw ay isang manggagawang parasubordinato?
Isang residence permit para sa may sariling empleyo.

Babala: Ang batas n. 99/2013 ay nagbibigay na ang komunikasyon ay kinakailangang gawain ng nagbibigay ng accomodation o ng may dayuhang bisita, sa kaso na kung ang dayuhan ay nagtatrabaho sa nagbigay ng tirahan, sa pamamagitan ng komunikasyon ng hiring obligatory .

202. Kanino dapat na ipadala?

- Sa himpilan ng pulis sa punong bayan ng probinsiya;
- Sa munisipyo ng Lungsod na hindi punong bayan
- Sa Job Centre na responsable sa lugar, kasama ng pagpapadala ng mga komunikasyon na kinakailangan, sa kaso na ang accommodation ay inilalaan ng employer.

203. Ano ang mga datos na dapat kong isama sa komunikasyon?

- Personal na datos ng taong nagbibigay ng accommodation (pangalan, apelyido, petsa at lugar ng kapanganakan, tirahan);
- ang personal na datos ng mga banyagang bisita (pangalan, apelyido, petsa at lugar ng kapanganakan, tirahan, uri ng pagkakakilanlang dokumento, ang numero ng dokumento, petsa at lugar ng pagkakaloob ng dokumento);
- eksaktong address ng gusali kung saan ito ay nagpapatuloy ng mga banyagang mga tao;
- ang titulo na kung saan ay inilipat ang ari-arian para sa residential na paggamit, halimbawa, upang umupa, sa paggamit, pag-aari o iba pa, o ang simpleng deklarasyon ng hospitality na non-profit.

Babala: Ang Batas 94/2009 ay nakasaad na ang sinumang nagbibigay ng accommodation – na may konsiderasyon, upang magkaroon ng hindi makatarungang kita, magbigay o isalin ang accommodation na nagpapabayad - o nagpapa-upa ng pag-aari sa isang dayuhan na walang pahintulot ng paninirahan o nag-expire at hindi na-renew, ay dapat parusahan sa pagkabilanggo mula anim na buwan hanggang tatlong taon. Kapag ang hatol ay naging pinal , ang property ay makukumpiska maliban na lamang kung ito ay kabilang sa isang tao na walang kaugnayan sa krimen.

6.1 Pagpapaupa ng bahay

204. Ano ang dapat kong gawin upang kumuha ng bahay para rentahan?

Kailangan mong makipagkasundo sa isang rental agreement (kontrata ng pag-upa). Sa kasunduang ito ang may-ari ng bahay ay obligado na ibigay sa nangungupahan, ang pag-aari, para sa residential na paggamit at para sa panahon na tinukoy, sa pamamagitan ng pana-panahong pagbabayad ng upa. Ang upa ay binabayaran ng nangungupahan sa may-ari ng bahay na karaniwan ay buwanan. Ang upa ay ina-update sa bawat taon batay sa ISTAT at sumasailalim sa katumbas na pagtaas ng 75% ng mga index.

205. Ano ang security deposit?

Ito ay isang halaga na ibabayad ng nangungupahan sa may-ari bilang seguridad para sa anumang pinsala na maaaring maging dulot sa ari-arian na pina-uupahan. Ang halagang babayaran ay hindi maaaring lumampas ang kabuuan na katumbas ng 3 buwan na upa. Kung ang bahay ay hindi nagkaroon ng pinsala, ang deposito ay buong ibabalik sa pagtatapos ng kontrata, kasama ang pansamantalang legal na interes na naipon.

206. Ano ang anyo na dapat ay mayroon ang kontrata ng pangungupahan?

Ang batas ay nagpapatupad na ang kontrata ng pangungupahan ng bahay ay nilagdaan sa pamamagitan ng pagsulat at ang mga ito ay tumutugma sa mahusay na natukoy na mga uri.
Ang kontrata ng pangungupahan ay nagtatatag:

- Magkano ang babayadan ng nangungupahan bawat buwan sa may-ari ng bahay;
- Gaano katagal ang nangungupahan ay maaaring sakupin ang bahay;

- Ano ang araw ng buwan na dapat bayaran ang upa, sa pamamagitan ng kung ano at kung saan.

Ang dalawang pangunahing uri ng kontratang kinokontrol ng Batas sa 431/98 ay:

- Ang kontrata , ay sumusunod sa kurso ng rental market at tinutukoy sa pagitan ng supply at demand. Ang tagal nito ay 4 na taon at maaaring renewable sa ilalim ng kaparehong mga kondisyon para sa karagdagang 4 na taon, sa kawalan ng pagkansela 6 na buwan bago mag-expire ang kontrata. Ito ay maaaring ipakansela sa pagtatapos ng unang apat na taon, sa kaso ng kanilang mismong pangangailangan o ng kamag-anak hanggang sa ikalawang antas, o pangangailangan para sa maintenance ng istruktura.
- Ang kontrata ay tinukoy sa pamamagitan ng isang kasunduan sa pagitan ng mga unyon ng mga may-ari at mga nangungupahan na may partisipasyon ng Munisipalidad. Ang itatagal ay 3 years plus 2. Sa paggamit ng ganitong uri ng kontrata, ang may-ari at ang nangungupahan ay maaaring samantalahin ang mga pagbabawas sa tax return, ang pagbawas ng 30% ng bayad sa pagpaparehistro at ang insentibo ng Munisipalidad na may diskwento o Zeroing ng Buwis Munisipal na Natatangi (IMU).

207. Ang pagpaparehistro ng kontrata ay iniuutos?

Oo, ayon sa ipinatutupad ng batas ang may-ari ay may obligasyon na irehistro ang kontrata sa Opisina ng Pagrehistro sa loob ng 30 araw ng nilagdaan ang kontrata. Ang buwis ay katumbas ng 2 porsiyento ng taunang upa. Ang mga bayarin sa pagpaparehistro ay hinahati sa may-ari at nangungupahan. Bawat taon, ang pagpaparehistro ay dapat na ma-renew. Para sa kontrata na maramihang taon ay maaaring bayaran ang registration fee ng isang pagbabayad para sa susunod sa unang taon. Sa kasong ito ay makakakuha ng pagbawas sa gastos ng pagpaparehistro.

Bukod dito, ang kontrata na legal na nakarehistro, ay maaari kang lumahok sa tawag (bando) na inilalathala ng mga munisipyo, upang makakuha ng kontribusyon sa suporta ng gastos sa rental para sa mahihirap na tao, depende sa kita at ang saklaw ng gastos ng pag-upa.

Babala: Kung ang kontrata ay hindi nakarehistro ito ay hindi wasto upang patunayan na may angkop na accommodation para sa pag-renew ng residence permit.

6.2 Ang pagbili ng bahay

208. Maaari ba akong bumili ng bahay?

An mga dayuhan na may balidong residence permit para sa trabaho o kadahilalan pampamilya, o sa pagkakaroon ng residence permit EC para sa pang-matagalang residente, ay maaari silang bumili ng bahay sa parehong kalagayan tulad ng mamamayang Italyano.

Ang iba, gayunpaman, ay maaari lamang bumili ng bahay kung mayroong tiyak na kasunduan sa pagitan ng mga bansa na pinagmulan at Italya.

Sa kaso ng pagbili na ang paggamit ay unang tahanan ay may umiiral na mga konsesyon sa buwis.

209. Ano ang mga dokumentong kailangan kong piramahan upang bumili ng bahay?

- Ang ipinanukala sa pagbili, na kung saan pinipigilan ang napagkasunduang presyo at lalagdaan ang isang kasulatan na hindi mababawing alok ng pagbili, sa pamamagitan ng paunang pagbabayad sa presyo;

- Ang pangako ng pagbebenta o kompromiso, ng isang paunang kontrata na ang bawat parte ay nangangako ng pagpirma ng kasulatan (ang kasunduan ng pagbili) sa pagtatakda ng petsa, kung hindi posible na agad na magpirmahan ng kontrata. Sa pagpirma ng kompromiso ay ginagamit, ngunit hindi kinakailangan na magbayad ng deposito sa presyo ng ari-arian;
- Ang pampublikong kasulatan ng pagbebenta, kontrata ng pagbebenta, na tinutukoy ang paglipat nang pagmamay-ari, ang ginagawa sa harap ng isang notaryo (notarial deed), magkaharap ang nagbebenta at ang bibili, at ito ay nakasulat sa isang pampublikong paraan.

210. Ano ang pautang (mutuo)?

Sa hindi pagkakaroon ng kabuuang halaga para sa pagbili ng bahay ay maaari kang mag-aplay sa bangko para sa mortgage loan. Ang bangko, upang ma-secure ang ipinautang (loan) na binayaran, naglalagay ng hadlang sa property na binili (ang mortgage). Kung ang kinikita ay hindi sapat upang bayaran ang mortgage ang bangko ay nangangailangan ng isang garantiya (tagapanagot) sa pamamagitan ng isang tao o entity na sumasang-ayon na personal na gumagarantiya ng kanilang mga pag-aari sa pagbabayad ng iyong utang. Ang mortgage ay isang formula na nagbibigay-daan sa bangko, sa kaso ng kabiguan na mabayaran ang mga kabayaran sa mortgage, na kunin ang bahay upang ibenta ito upang mabawi ang pera na inaasahan.

Sa kaso ng pagbili ng unang bahay ay maaaring ma-access ang subsidized mortgage na nagbibigay ng mas mababang rate ng interes kaysa sa mga karaniwang inilalapat ng mga bangko.

Babala: Kung ikaw ay nagnanais na mangutang, tiyakin mo muna sa bangko kung ikaw ay may mga kinakailangan upang makakuha ng halaga na kailangan mo bago gumawa ng proposal sa pagbili ng bahay.

211. Ano ang mga kondisyon na kinakailangan ng bangko upang magbigay ng pautang o mortgage?

Upang magbigay ng pautang o mortgage, ang bangko ay nangangailangan ng mga sumusunod na garantiya:

- ang tax return;
- ang pagpaparating ng sweldo sa account (sa ilang mga kaso hindi ito kinakailangan);
- personal guarantees o ari-arian.

212. Ano ang dapat na tinutukoy sa isang kontrata makakuha ng mortgage?

Ang pangunahing kundisyon na tinutukoy sa isang kasunduan sa pautang ay ang mga:

- kung gaano katagal na maibabalik ang pera na (mula 5-30 taon), isinasaalang-alang din ang edad ng mga aplikante;
- kung gaano ang rate ng interes na inilapat. Ang maximum rate ng interes ay itinatag ng batas, na ipinagbabawal ang paglalapat ng usury rate, ang rate ng interes ay itinatag na may iba't ibang deadlines (buwanan, quarterly, atbp.) At sa batayan ng mga indeks ng reference na inilalathala sa mga pangunahing pahayagan (ex. sa index EURIBOR, EURIRS) higit pa, dagdag na bayad na sisingilin ng bangko na magkakaiba ang bawat instituto, na tinatawag na SPREAD;
- ano ang rate na babayaran at ang iskedyul ng pagbabayad (ang kadalasan kung kailan kailangang magbayad), ang halaga na babayadan ay dapat na napapanatiling may paggalang sa antas ng kinikita ng aplikante;

- Gaano ang halaga ng multa para sa maagang pagbabayad ng utang bago ito matapos.

213. Sino ang nagsusulat ng mga kontrata na may kaugnayan sa mortgage at sa bahay?
Ang kontrata ng pagbebenta ng bahay at ang kontrata para sa pagbabayad ng pautang ay isinusulat at ipinaparehistro sa pamamagitan ng isang notaryo.

214. Ano ang mga buwis at bayarin na kailangan kong harapin sa pagbili ng bahay?
- Pagpaparehistro ng buwis (na may favorable terms para sa pagbili ng unang bahay);
- kung bumili ng ari-arian mula sa isang kompanya pati ang Value Added Tax (VAT);
- mortgage buwis;
- cadastral tax; (imposta catastale)
- legal na bayarin na may kaugnayan sa dalawang kontrata ng pagbebenta at disbursement ng mortgage.

215. Ano ang gastusin na kailangan kong harapin bilang may-ari o nangungupahan ng bahay?
Kailangan bayaran ang mga bill na may kaugnayan sa mga utility (gas, kuryente, tubig, heating, telepono, kung naka-install, ang anumang condominium fees) na buwanan o kada dalawang buwan at mga buwis para sa koleksyon ng mga basura na kailangang mabayaran nang isang beses o dalawang beses sa isang taon, ng IMU o iba pang mga buwis para sa mga ari-arian.

6.3 Sentro ng Pagtanggap

216. Ano ang mga Sentro ng Pagtanggap?
Ang mga ito ay mga istraktura na sa loob ng mga limitasyon ng pwesto na magagamit ay nagbibigay ng mga serbisyo sa social welfare at nagbibigay ng pansamantalang accommodation sa mga dayuhan na pansamantalang hindi kayang magbigay ng mga pangangailangan para sa kanilang sariling pag-iral at accommodation, na may layuning mapadali ang kanilang integrasyon sa lipunan sa lalong madaling panahon.

217. Maaari ba akong makapasok sa mga sentro ng pagtanggap?
Kung ikaw lamang ay isang dayuhan na may residence permit para sa trabaho, pamilya at naghihintay ng trabaho, na walang posibilidad na makakita ng bahay na mag-isa.

218. Sino ang walang karapatan na makapasok sa sentro ng pagtanggap?
- Dayuhan na walang residence permit na ilegal, maliban sa emerhensiyang sitwasyon (naitaguyod ng alkalde);
- dayuhan na may hawak ng permit ng paninirahan para sa turismo, pag-aaral, negosyo, mga medikal na pagpapagamot at iba pang mga uri na maikli ang tagal.

219. Ang accommodation sa Sentro ng Pagtanggap ay walang bayad?
Maaari itong maging libre o sumasailalim sa pagbabayad ng upa.

220. Mayroon akong obligasyon kung ako ay nasa Sentro ng Pagtanggap?
Oo, kailangan mong sumunod sa mga regulasyon ng Sentro.

Konstruksyon ng Pampublikong Pabahay at Kooperatiba ng Pabahay

221. Ano ang Konstruksyon ng Pampublikong Pabahay?
Ito ay mga bahay na itinayo sa pamamagitan ng mga pampublikong pondo ng mga pampublikong kinatawan na nakalaan para sa tirahan.

222. Sino mayroong access sa mga yunit ng pampublikong pabahay?
Mga dayuhan na may hawak na residence permit at mga dayuhan na nakatira na may hawak ng residence permit na hindi bababa sa dalawang taon at may regular na trabaho o self-employed ay may karapatan na makapasok, na magkapantay ang mga kondisyon sa mga mamamayang Italyano para sa pampublikong pabahay at serbisyo ng brokerage ng mga ahensyang panlipunan sa bawat rehiyon o lokal na mga organisasyon upang mapabilis ang pag-access sa paupahang bahay at subsidized credit sa larangan ng konstruksiyon, pagbabagong-tatag, pagbili at pangungupahan ng unang bahay. (Alinsunod sa Art. 40. D.lgs. 286/1998.)

223. Paano ang paglapit para sa residential pabahay?
Sa mga may nais na magkaroon ng access sa mga pampublikong yunit ng pabahay (tinaguriang casa popolari) ay dapat magsumite ng aplikasyon sa Lunsod na tinitirahan ng isang espesyal na application form na makukuha sa munisipyo, sa pamamagitan ng inirehistrong sulat na may pagkilala ng resibo. Ang katangian ng mga dayuhan ay itatalaga sa batayan ng isang pampublikong pagraranggo, alinsunod sa sitwasyong pang-ekonomiya, pampamilya at pabahay ng mga tao / pamilya na gumawa ng kahilingan. Para sa karagdagang impormasyon makipag-ugnayan sa Public Relations Office ng iyong Munisipalidad.

224. Ano ang kooperatiba ng pabahay?
Ang kooperatiba para sa pabahay ay isang sangay na ang layunin ang magpatayo o bumili ng pabahay para sa mga miyembro na kabilang nito. Ang mga miyembro ay dapat na may mga kinakailangan (residente sa Munisipalidad, mababa ang kinikita, at walang iba pang ari-arian, atbp.).
Ang pagbili ng bahay sa kooperatiba sa karaniwan ay may kanais-nais na kondisyon dahil ang kooperatiba ay nakikinabang ng benipisyo sa buwis at kredito

225. Maaari ba akong sumali sa pabahay ng koooperatiba?
Oo, ang mga dayuhan ay maaaring sumali sa kooperatiba sa pabahay.

7 Kalusugan

7.1 Pagpaparehistro sa National Health Service (Servizio Sanitario Nazionale - SSN)

Ang National Health Service ay mga hanay ng mga istruktura at serbisyo para matiyak ang proteksyon at pangangalaga ng kalusugan ng lahat ng mga mamamayang Italyano at mga banyaga.

Ang dayuhang naninirahan sa Italya na may wastong permit ng paninirahan ay may karapatan para sa pangangalaga ng kalusugan sa pamamagitan ng National Health Service, ng pagkakapantay-pantay na paggamot katulad ng mga mamamayang Italyano. Ang health care assistance, bukod pa sa nakarehistro ay mayroon din ang mga miyembro ng pamilya na nakaasa sa kanya at sa mga legal na residente.

226. Saan pupunta para magpatala?

Ang pagpapatala ay nagaganap sa Azienda Sanitaria Locale (ASL) sa teritoryo kung saan naka residente o (kung walang residence) sa address ng tirahan.

227. Ano ang Azienda Sanitaria Locale (ASL)?

Ang Azienda Sanitaria Locale ay ang complex ng ospital, mga klinika, mga sentro ng consultors at mga tanggapan, sa isang lokal na konteksto, na nagbibigay para sa kalusugan ng populasyon. Sa ASL ay nangangailangan ng pagpapatala sa SSN at pinipili ang pangunahing manggagamot.

228. Maari akong magpatala sa Servizio Sanitario Nazionale (SSN)?

Ang pagpapatala sa Servizio Sanitario Nazionale ay obligatoryo para sa mga mamamayang dayuhan na may hawak na:

- residence pernit EC para sa pangmatagalang mga residente;
- residence permit para sa mga kadahilanan ng trabaho;
- residence permit para sa paglilingkod sa sariling gawain;
- residence permit para sa naghihintay ng trabaho;
- residence permit para sa dahilan ng pamilya;
- residence permit para sa political asylum;
- residence permit para sa humanitarian reasons;
- residence permit para sa mga kadahilanan ng paghihintay para sa pag-aampon;
- residence permit para sa pag-aalaga (foster care);
- residence permit para sa layunin ng pagkuha ng citizenship.

Ang dayuhan na naghihintay na mai-renew o ng pagpapalabas ng pahintulot ng paninirahan ay hindi mawawala ang karapatan para sa pangangalaga ng kalusugan, at kung hindi nakarehistro ay maaaring magparehistro.

May karapatan din ang mga miyembro ng pamilya kung ang mga ito ay umaasa sa nakarehistro.

Para sa karagdagang kaalaman komunsulta sa Kasunduan Estado –Rehiyon na naglalaman " ng mga direksyon para sa tamang aplikasyon ng mga batas ukol sa pangangalaga ng kalusugan sa mga banyagang populasyon mula sa Rehiyon at mga Autonomous Provinces." .

Babala: Ang dayuhan na pumasok sa Italya para sa medikal na pagpapagamot ay hindi maaaring magparehistro sa SSN at kailangang ayusin ang pagbabayad ng gastos na may kaugnayan sa treatment na gagawain;
Ang mga banyagang political refugee at stateless at ang kanilang mga asawa, ay katumbas ng mga mamamayang Italyano kung nabigyan ng residence permit para sa political asylum na balido.
Ang mga menor de edad na anak ng mga dayuhan na nakarehistro sa SSN ay may katiyakan, mula sa sandali ng kapanganakan, ng parehong pagpapagamot gaya ng mga bata na nakarehistro.

Ang dayuhan na may residence permit para sa dahilan ng pag-aaral, para sa relihiyon at ang mga dayuhan au pair (stranieri alla pari) ay maarring boluntaryong magpatala sa SSN para sa kanilang sarili at sa kanilang mga pamilya na kasama sa tirahan , o maaari silang kumuha ng insurance laban sa mga panganib ng sakit, pinsala at maternity insurance (ang mga patakaran ng insurance ay ay dapat na balido sa buong Italya, pati sa mga umaasa.

229. Kailan hindi maaaring magpatala sa National Health Service?

Hindi maaaring magpatala ang mga dayuhang legal na namamalagi sa bansa para sa panahon na mas mababa sa tatlong buwan (tourist visa, pagbisita, negosyo, atbp .) at mga dayuhan na irregular na namamalagi.

230. Ano ang mga dokumento na kailangan kong maisumite upang makapagpatala sa National Health Service?

Sa pangkalahatan ang mga dokumento na kailangang isumite ay:

- May bisa na residence permit, kung ang permit ay naka- renew, maaari mong ipakita ang nag-expire na permit kasama ang resibo ng pag-renew (na ibinigay ng Pulisya o ng post office).
- kapalit na statement para sa paninirahan at marital status (o deklarasyon ng tinitirahan bilang residence permit);
- code ng buwis (codice fiscale);
- pagpapahayag na kung saan ay nangangako ng pagbibigay ng abiso sa pagbabago ng katayuan

Bilang karagdagan:

- ang mga walang trabaho na nakarehistro sa Sentro ng pagtatrabaho ay dapat magbigay ng self-certification ng rehistrasyon sa tanggapan ng trabaho;
- ang mga kasal sa mamamayang Italyano ay dapat na magbigay ng katayuang pampamilya o self-certification;
- mga menor de edad na reliant o naghihintay ng pag-ampon ay dapat magbigay ng pahayag ng Juvenile Court na nagpapatunay ng paunang pag-ampon o reliant.

Bukod pa rito, ay maaaring kailanganin ang mga tiyak na dokumento na may pagkaka-iba depende sa uri ng pahintulot na pinanghahawakan. Para sa detalyadong listahan ng kinakailangang mga dokumento, ito ay matatagpuan sa Kasunduan Estado-Rehiyon na naglalaman " ng mga direksyon para sa tamang aplikasyon ng mga batas ukol sa pangangalaga ng kalusugan sa mga banyagang populasyon mula sa Rehiyon at mga Autonomous Provinces." .

231. Gaano katagal ang pagpapatala sa National Health Service?

Ang pagpaparehistro sa SSN ay magkapareho ang tagal ng permit ng paninirahan.

232. Kailan nagtatapos ang pagpapatala sa National Health Service?

Ang registration para sa National Health Service ay natatapos kung:

- ang residence permit ay mag-expire, maliban kung maipapakita ang kahilingan para sa pag-renew o nag-renew;
- kung ang residence permit ay binawi o pinawalang-bisa, maliban kung maipapakita ang apila;
- sa kaso ng pagpapaalis;

- sa mga kaso na hindi kabahagi sa mga kondisyon ng pagiging miyembro ng kategorya ng dayuhan na obligatoryong nakarehistro sa NHS (halimbawa, conversion ng residence permit sa iba't ibang uri ng permit na kung saan ay hindi kailangan ang obligataryong pagpapatala sa NHS; pagwawakas ng trabaho o pagpapatala sa sentro ng pagtatrabaho para sa mga tao na walang residence permit na ginagawang obligatoryo ang pagpapatala sa SSN).

233. Ano ang mga dokumento at mga serbisyong panlipunan- kalusugan na pinakikinabangan ng mga nakatala sa National Health Service

- Health care card;
- Pagpili ng doktor ng pamilya at pedyatrisyan para sa mga bata;
- Pagbisita ng doktor sa outpatient at specialist medical visits;
- Pagbisita ng doktor sa bahay;
- Pagpapagamot sa ospital;
- Pagbabakuna;
- Test sa dugo, x-rays, ultrasound, etc.;
- Prescription ng gamot;
- ang pagbibigay ng sertipikasyon at mediko-legal na karakter;
- tulong para sa rehabilitasyon, prostheses, atbp.

Babala: May mga benepisyo na garantisado kahit na hindi nakarehistro sa NHS. Tinitiyak: ang outpatient at urgent na pangangalaga sa ospital o mahalaga, kahit na patuloy, para sa sakit at pinsala at ipinagpapatuloy ang preventive medicine program upang mapag-ingatan ang indibidwal at kolektibong kalusugan.
Sa partikular ay garantisado ang mga :
- paggamot/pangangalaga sa pagbubuntis at pagiging ina;
- pag-aalaga ng mga bata;
- bakuna;
- ang pag-iwas, diyagnosis at paggamot ng mga nakakahawang sakit.
- pag-aalaga, pag-iwas at rehabilitation sa larangan ng pagkagumon sa droga

7.2 Health card (tessera sanitaria)

234. Ano ang health card?

Ito ay dokumento na ibinigay ng ASL na nagpapakita na nakatala sa NHS. Ito ay mahalaga upang makuha ang pangangalagang medikal at para makinabang ng mga serbisyo. Ang Health Card ay naglalaman ng:

- personal data ng mamamayan at code ng buwis na malinaw;
- ang expiration date na balido lamang sa layunin ng pangangalaga ng kalusugan;
- isang open area para sa anumang rehiyunal na data ng kalusugan at tatlong character na 'Braille' para sa mga bulag;
- ang Fiscal Code sa format na 'barcode' (barcode) at magnetic stripe.

235. Ano ang dapat na gawin kung mawala ang iyong health card?
Dapat mong iulat ang pagkawala sa mga may karampatang mga awtoridad at humiling ng duplicate sa ASL na kabilang.

7.3 Mga Serbisyo ng National Health Service

236. Sino ang primary care physician (o doktor ng pamilya)?
Ito ay ang propesyonal na nagbibigay ng pangangalaga sa mga pangkalahatang medisina:
- bumibisita ng pasyente sa kanilang mga opisina o sa bahay ng pasyente kapag ang kalagayan ng kalusugan ng pasyente ay hindi pinapayagan na pumunta sa doktor;
- nagbibigay ng prescription, analisis at pagbisita ng espesyalista;
- nagmumungkahi ng pagpapagamot sa ospital kung kinakailangan;
- nagbibigay ng mga sertipiko.

237. Sino ang pedyatrisyan?
Ito ay ang doktor na tinitingnan ang mga bata, nagbibisita sa mga ito at pana-panahong sinusuri ang kanilang paglaki, nagbibigay ng prescription ng gamot, mga pagsusuri at pagbisita ng espesyalista, nagmumungkahi ng admission sa ospital kung kinakailangan, at nagbibigay ng mga sertipiko.

238. Paano ang pagpili ng doktor ng iyong pamilya at pedyatrisyan?
Ang nakarehistro sa SSN ay maaaring pumili ng doktor ng pamilya at pedyatrisyan para sa mga bata 0-14 taong gulang at may karapatan na magkaroon ng isang pedyatrisyan.
Sa tanggapan ng nagbibigay ng health card ay maaaring makita ang listahan ng mga magagamit na doktor. Ang pangalan ng doktor ng pamilya ay nakaulat sa iyong health card.

239. Ang mga sertipiko na ibinibigay ng doktor ng pamilya at pedyatrisyan ay libre?
Libre ang:
- sertipiko para sa pagliban sa trabaho ng magulang dahil sa karamdaman ng bata;
- sertipiko para sa pagsasagawa ng di-pangkumpitensya sports activities sa mga paaralan;
- sertipiko ng sakit o pinsala o iba pang mga dahilan ng pansamantalang pinsala sa katawan.

Hinde libre ang:
- Sertipiko para sa competitive sports activities;
- Sertipiko para sa mga layunin ng insurance;
- Sertipiko para sa aplikasyon ng kapansanan

240. Maaari ko bang tanggalin o palitan ang doktor ng pamilya sa anumang oras?
Oo, sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang form, ay sabay na dapat ka ring pumili ng bagong doktor**.**

241. Paano ko gagawing magpabisita sa mga espesyalista?
Upang makapag patingin sa isang espesyalista ay kailangan ang kahilingan ng doktor ng pamilya. Sa pamamagitan ng kahilingan ng doktor at ng health card ay maaring pumunta sa reservation office upang magpariserba ng bisita sa ASL serbisyo para sa kalusugan. Ang ilan sa mga ASL ay may telephone system sa reserbasyon ng mga serbisyo sa kalusugan. Ang pagganap ay maaaring gawain sa mga out patients clinic at pribadong Laboratories.

242. Ang serbisyo ng mga espesyalista ay walang bayad?

Para sa mga pagbisita ng espesyalista, mga laboratory tests at ang pagbili ng mga gamot ay kinakailangang magbayad ng tiket na ang halaga ng quota ay natukoy sa pamamagitan ng Pamahalaan.

Hindi binabayaran ang tiket sa mga gamot :

- civil invalids na 100%, ang invalid na may kapansanan mas mataas kaysa sa 2/3, o na may social allowance para sa accompanying, mga bulag at bingi-pipi;
- mga biktima ng terorismo at organisadong krimen;
- pasyente na sumasailalim sa painful therapies;
- ang may minimum na pensyon na may higit na 60 taon.

Para sa dalubhasang pag-aalaga, ay exempted sa pagbabayad ng tiket:

- ang may hawak ng panlipunang pensyon at dependents;
- mga walang trabaho, may minimum na pensyon na may higit na 60 taon;
- civil invalid na may kapansanan mas mataas kaysa sa 2/3 o may allowance para sa tagapag-alaga;
- mga napinsala sa trabaho at lahat ng kategorya ng mga mamamayan ay exempted para sa sakit o kundisyon na kinikilala sa pamamagitan ng mga espesyal na mga batas.

Ang ilang mga medikal na serbisyo ay hindi napapailalim sa pagbabayad ng ticket, kahit na ang mga mamamayan ay hindi kabilang sa isa sa mga kategorya na nakalista sa itaas. Ang mga ito ay:

- pagganap para sa mga unang bahagi ng diyagnosis ng kanser (mammograms, paptest atbp.)
- mga serbisyo naglalayong sa pagprotekta sa pagiging ina, tulad ng pag-aaral, ultrasound, atbp.;
- mga serbisyo na nagsusulong para sa donasyon ng dugo, organo at tisyu, pagbabakuna na hindi sapilitan para sa mga bata hanggang sa 14 taon.

243. Paano ako makakakuha ng exemption ng pagbabayad ng ticket?

Sa pamamagitan ng pagpapakita ng kahilingan sa ASL, na may kasamang sertipiko mula sa isang medikal na espesyalista o ospital, health care card, at ang Code ng buwis. Ang ASL ay nag-iisyu ng card na nagbibigay ng karapatan ng maramihang prescription hanggang sa maximum na 6 na piraso ng mga gamot na kinakailangan para sa sakit. Ang exemption ay maaaring maging permanenteng o limitado, ayon sa mga uri ng mga sakit at / o rehiyonal na mga regulasyon. Ang deadline ng sertipiko ng exemption ay dapat na nakasaad sa certificate.

Babala: ang mga regulasyon tungkol sa mga exemptions ay maaaring magbago. Upang makakuha ng karagdagang impormasyon sa mga sistema ng exemption na ipinapatupad at sa mga papeles na kailangang isumite, maaaring magtanong sa doktor ng pamilya o sa pedyatrisyan.

244. Ano ang mga serbisyong pang-emergency?

Sa mga kaso ng matinding pangangailangan ng madaliang pagkilos (aksidente, mga pinsala at anumang sitwasyon ng panganib sa buhay), maaari kang pumunta sa emergency room ng isang ospital o humingi ng medikal na payo sa pamamagitan ng pagtawag sa toll-free numero 118 na tumatakbo 24 oras sa 24.

245. Ang hospital assistance ay walang bayad?

Ang pagganap ng serbisyo ng mga Ospital ay libre para sa lahat ng mga nakatala sa National Health Service.

Ang Finance Act 2006 ay ipinatutupad na mula sa Enero 1, 2007 ang pagbabayad ng tiket sa mga serbisyo sa emergency room na hindi itinuturing na urgent ("Code White").

246. Ano ang duty doctor ?
Ito ay isang serbisyo ng agarang medikal assistance sa bahay, na libre para sa mga residente sa rehiyon, na maaaring tawagan sa anumang oras sa mga kaso ng malubhang pangangailangan.
Ang mga mamamayan na nakatira sa ibang mga rehiyon, ay magbabayad ng halaga na binabayaran para sa paminsan-minsang mga pagbisita.

247. Ang nursing assistance ay saklaw ng NHS?
Sa kasalukuyan ang uri ng serbisyo na ito ay hindi nasasakupan ng National Health Service. Sa mga kaso ng mga pangangailangan, gayunpaman, ay maaaring mabigyan, sa bahay, kung may rekomendasyon mula sa serbisyong panlipunan ng munisipalidad sa mga awtoridad ng kalusugan.

248. Ang pangkalusugan eksaminasyon at paggamot ay maaring ipataw?
Hindi, maliban sa mga kaso na ipinatutupad ng batas (Sanitary Treatment Obligatory) na palaging may paggalang sa dignidad ng indibidwal na tao at karapatan bilang mamamayan. Ang intervention na ito ay sa pamamagitan ng pagpapasiya ng mga Mayor, sa mungkahi ng isang doktor, na napapatunayan sa pamamagitan ng isang doktor ng istraktura ng kalusugan. Pagkatapos ng 48 oras ng admission, ang inisyatiba ay dapat na ipagbigay-alam sa sa may karampatang Huwes na tagapagsanggalang.

249. Maaari kang humadlang sa Sanitary Treatment Obligatory?
Sino man na napapailaliman, o kung sino ang interesado, ay maaaring magsumite sa Korte ng apila laban sa desisyon ng ospital na napatunayan sa pamamagitan ng Hukom na tagapagsanggalang.

250. Ano ang mangyayari kung ang mamamayan na sumasailalim sa obligatoryong mga medikal na pagpapagamot ay banyaga o stateless?
Ang probisyon ay dapat na ipakipag-ugnayan sa Ministri ng Interior at sa konsulado ng bansa ng inpatient. Ang komunikasyon ay isasagawa sa pamamagitan ng Prefect.

251. Ano ang mga family planning clinic (consultori familiare)?
Ang mga ito ay serbisyong teritoryal na pangkalusugan at panlipunan, pampubliko o pribado, na pinapangalagaan ang pisikal at mental na kalusugan ng mga kababaihan, mga bata, kabataan, mag-asawa at mga pamilya. Ang lahat ng mga serbisyo sa mga klinika ay libre at maaaring makapasok sa sa pamamagitan ng pagkuha ng appointment. Ang serbisyo ay bukas din sa mga dayuhan.
Sa family planning clinic ay may mga propesyonal na gumaganap para sa sikolohikal at panlipunang kasanayan - Psychologist, social workers, sociologists, cultural mediators – maging para sa mga kasanayan sa kalusugan - Pediatrician, Gynecologist, Obstetrician, mga nars, health assistants.
Maaari kang pumunta sa family planning clinic para sa mga sumusunod na serbisyo:
- konsultasyon at eksaminasyon hinggil sa contraception;
- para masundan sa panahon ng pagbubuntis;
- kurso sa preparasyon para sa panganganak;
- konsultasyon, eksaminasyon at mga sertipiko para sa mga kusang-loob na pagtitigil ng pagbubuntis mga regular na pagpapa check-up sa ginekologiko;
- pag-iwas sa kanser ng kababaihan;
- pagpapayo at tulong sa panahon ng menopos;

- pediatric assistance;
- obligatoryong bakuna (at inirerekomenda);
- mabigyan ng payo para sa sa sosyal at sikolohikal na problema.

252. Saan matatagpuan ang address ng mga family planning clinic?
Ang phone book sa ilalim ng «Aziende sanitarie locali» para sa mga Consultors pampubliko at sa ilalim ng «Consultori» para sa mga hindi pampubliko o sa mga institutional site at mga non-specialist.

253. May iba pang mga serbisyo pang sosyal-kalusugan?
Oo, ang Territorial Units of Rehabilitation (Unità territoriali di riabilitazione- UTR) at ang Centers for Mental Hygiene (Centri di igiene mentale- CIM).

254. Kailan at alin ang mga bakuna na obligatoryo?
Ang pagbabakuna ay obligatoryo na may pagkakaiba ang bawat Rehiyon. Kalimitan, para sa mga bata sa Italya ay obligatoryo ang pagbabakuna laban sa tetano, dipterya, polio, at hepatitis B. Inirerekomenda, ngunit hindi obligatoryo ang bakuna laban sa tigdas, ubo, at para lamang sa mga batang babae laban sa rubella. Para sa matanda ay inirerekumenda ang bakuna laban sa tetano at hepatitis type B.

255. Ang mga bakuna na obligatoryo ay walang bayad?
Oo.

256. Saan ko maaaring kailanganin ang sertipiko ng pagbabakuna?
- Kapag nag-pagpapatala para sa paaralan elementarya;
- Kapag nag-pagpapatala sa para sa kindergarten,
- Kapag nag-pagpapatala para sa nursery,
- Sa pagpapatala sa panahon ng bakasyon sa tag-init upang maglaro ng competitive sports activities, atbp.

257. Sino ang maaaring kusang-loob na magpatala sa National Health Service?
Mga banyagang mamamayan na kung saan ay hindi iniuutos ang pagpapatala sa SSN, dapat nilang mai-insure ang paglaban sa panganib ng sakit, aksidente at maternity. Maaari nilang matugunan ang mga kinakailangang ito:
- sa pamamagitan ng pagkuha ng insurance policy sa isang Italian insurance o foreign, na balido sa buong bansa;
- sa pamamagitan ng kusang-loob na pagpaparehistro sa SSN sa pagbabayad ng taunang kontribusyon sa mga kaso na ito ay ibinibigay.

Ang mga may karapatan sa boluntaryong pagpapatala sa SSN (nagbabayad ng isang taunang bayad):
- estudyante;
- mga tao na au pair (alla pari) na ipinatutupad sa Kusunduan sa European Agreement ng Strasbourg, 24 Nobyembre 1969 (ratified ng batas May 18, 1973 n 304.);
- relihiyon;
- para sa may hawak ng residence permit na hindi nagsasagawa ng anumang gawain;
- mga banyagang accredited sa Italya at nagtatrabaho sa Embassy;
- iba pang mga kategorya na maaaring makilala,sa pagbubukod, para sa kanila na walang karapatan na obligatoryong magpatala.

258. Ano ang mga dokumento na kailangang isumite para sa kusang-loob na pagpapatala sa National Health Service

- May bisang residence permit, kung ang permit ay ini-renew, maaaring ipakita ang nag-expire na permit kasama ang resibo ng pag-renew (na ibinigay ng Pulisya o sa post office).
- kapalit na pahayag para sa paninirahan at ng katayuang pampamilya (o deklarasyon ng tinitirahan katulad ng nasa residence permit);
- code ng buwis (codice fiscale);
- resibo ng bulletin na binayadan.

Ang mga may pangangailangan na makabuo ng karagdagang certification:

- mag-aaral (self-certification ng pagpapatala ng pag-aaral);
- banyagang au pair (deklarasyon ng estado ng banyagang au pair)

259. May karapatan ako kung wala akong balidong permit ng paninirahan?

Ang mga dayuhang mamamayan na hindi sumusunod sa mga panuntunan sa pagpasok at / o pananatili dahil walang residence permit o expire ang residence permit na higit sa 60 araw, sa mga ito ay tinitiyak ang pag-aalaga sa public structures at mga accredited, out patient at hospital care na mahalaga para sa sakit at pinsala at preventive medicine upang pangalagaan ang mga indibidwal at kolektibong kalusugan. Kabilang dito ang mga :

- interventions para sa pangangalagang panlipunan ng pagbubuntis at pagiging ina;
- pagbabakuna;
- interventions ng internasyonal na prophylaxis;
- ang pag-iwas, diyagnosis at paggamot ng mga nakakahawang sakit;
- gawaing naglalayong sa pangangalaga ng kalusugan ng kaisipan.

7.4 Temporarily Present Foreigner (STP)

Sa mga dayuhang mamamayan na ilegal na nasa teritoryo Italyano ay itinatalaga sa oras ng kahilingan para sa pag-aalaga o sa mga partikular na kahilingan, ang isang identification code, na tinatawag na STP (Temporarily Present Foreigner), na may bisa para sa 6 na buwan at ito ay renewable.

Ang pag-access sa mga health facilities ng mga dayuhan na ilegal na natatagpuan sa Italya ay hindi iniuulat sa mga awtoridad ng pulisya, maliban lamang sa mga kaso na kung saan ang pag-uulat ay kinakailangan ng batas.

260. Maaari ba akong makagamit ng mga serbisyo sa kalusugan kung wala akong pera na pangbayad ng tiket?

Kung ang dayuhan ay walang sapat na pera, ay nagbabayad lamang ng isang bahagi ng ticket (quota ng partisipasyon).

Ang mga dayuhan na ganap na walang pera (na nasa sitawsyon ng kahirapan) ay maaaring exempted sa pagbabayad ng bayarin ng partisipasyon sa tiket sa pamamagitan ng pagpirma ng "pahayag ng paghihirap sa buhay", na may bisa para sa 6 na buwan.

261. Anong mga serbisyo na mayroon akong karapatan, kahit na wala akong pera upang bayaran ang tiket?

Tulad ng mga mamamayang Italyano, pati ang mga dayuhan na ilegal na natatagpuan na nasa kondisyon ng kahirapan sa buhay ay hindi sakop sa pagbabayad ng tiket sa mga sumusunod na mga kaso:

- pagganap ng unang antas ng kalusugan;
- emerhensiya;

- nagdadalang tao;
- libreng pathologies;
- sa batayan ng edad o malubhang kapansanan.

8 Edukasyon

Sa Italya ang karapatan at tungkulin sa pag-aaral at pagsasanay ay nagsisimula sa paghantong sa 6 na taong gulang. Ang mga kumakatawan sa pambansang sistema ng edukasyon ay ang mga pampubliko at pribadong paaralan.
Ang paaralan ay nahahati sa dalawang cycle ng pag-aaral: ang una ay binubuo ng mga pangunahing paaralan – paaralan elementarya at sekundaryong paaralan ng unang antas - (intermediate school). Ang ikalawang cycle ay binubuo ng sistema ng mataas na paaralan - liceo (general high schools) at ng edukasyon at bokasyonal na pagsasanay – istruzione e formazione professionale (vocational high schools). Anumang landas ang piliin sa ikalawang cycle ay maaaring maghatid sa Universidad.

8.1 Daycare – o nursery

262. Mula anong edad ko maaaring ipatala o i-enroll ang aking mga anak sa daycare o nursery?
Ang nursery ay bukas para sa lahat ng mga batang nasa pag-itan ng edad na ganap na 3 buwan at 3 taon.

263. Gaano katagal ang daycare?
3 taon.

264. Sino ang namamahala ng daycare?
Ang munisipyo o pribado.

265. Paano ko maipapatala ang aking mga anak sa pampublikong daycare?
Dapat ay mag-apply sa mga panahon at sa mga lokasyong itinalaga ng Munisipyo. Sa oras ng application ay maaaring tukuyin ang isa o higit pang mga nursery, na dapat ay magkakasunod base sa kagustuhan, batay sa lugar ng paninirahan o trabaho. Bawat applikasyon ay binibigyan ng puntos base sa katayuan ng pagtatrabaho ng mga magulang, sa pagkakaroon ng iba pang mga nakadependeng anak at sa anumang suliranin at problema sa kalusugan. Pagkatapos ay nagtatakda ng isang listahan (graduatoria) ng mga natanggap na bata. Para sa karagdagang impormasyon ay maaaring pumunta sa Munisipyo ng lugar ng iyong paninirahan, sa dahilang ang mga kondisyon ng pagpasok ay iba't-iba batay sa disiplinang ipinapapatupad ng bawat pampublikong sanggunian.

266. Magkano ang enrollment fee para sa daycare?
Ang bayad para sa pampublikong daycare ay nakabase sa kategorya at hanay ng kinikita. Ang bayad para sa pribadong daycare ay malayang itinatakda ng bawat istraktura.
Mula sa school year 2007/2008 ay itinatag ang isang bagong serbisyo na nakalaan para sa mga dalawang taong gulang na bata: ang mga Spring Section (Sezioni Primavera). Ang mga ito ay mga seksyon ng daycare na isinasagawa ng mga pinahihintulutang pribadong preschool na kung tawagin ay Scuola dell'infanzia privata paritaria at nakalaan para sa mga bata na may edad na **24-36 na buwan**. Kinakailangan na direktang mag-aplay sa tagapamahala ng paaralan.

8.2 Preschool o Kindergarten

267. Mula anong edad maari i-enroll ang aking mga anak sa kindergarten?
Maaaring i-enroll ang mga batang magta- 3 taong gulang bago sumapit ang ika-30 Abril ng nakatakdang school year.

268. Gaano katagal ang kindergarten?
3 taon.

269. Sino ang namamahala sa Kindergarten?
Ang mga Munisipyo, ang gobyerno o mga pribado.

270. Saan ko maaring ipatala ang aking mga anak para sa Kindergarten?
Sa Department of Academic Services (Dipartimento dei Servizi Scolastici) ng nakatalagang Munisipalidad para sa enrollment sa local Kindergarten; kung minsan ay sa opisina ng nais na paaralan. Ang enrollment sa pampublikong paaralan ay dipende sa pagraranggo (graduatoria).

271. Magkano ang enrollment fee para da Kindergarten?
Ang bayad para sa mga local Kindergarten ay base sa kategorya at hanay ng kinikita.
Ang bayad sa mga pribadong paaralan ay malayang itinatakda ng bawat instituto.

8.3 First Cycle

ANG PAARALAN ELEMENTARYA

272. Mula anong edad ko maaring i-enroll ang aking mga anak sa Paaralan elementarya?
Para sa unang baitang, ang enrollment ay ubligado sa 6 na taong gulang at opsyonal sa 5 taon at kalhating gulang (maaring mag-enroll ang mga batang mag-aanim na taong gulang bago sumapit ang ika-30 Abril ng nakatakdang school year).

Babala: ang mga regulasyon ukol sa pag-eenroll sa edad na 5 taon at kalhating gulang sa elementary school ay maaring magbago sa hinaharap. Para sa mga karagdagang impormasyon ukol sa mga pagbabago ay maaring direktang makipag-ugnayan sa napiling paaralang.

273. Gaano katagal ang Elementary School?
5 taon.

274. Saan ako maaring pumunta para as karagdagang impormasyon?
Sa Board of Education – Didactic direction na itinakda ng paaralan o sa Munisipio ng lugar ng paninirahan kung ang paaralan ay pampuliko, o sa pribadong paaralan.

SECONDARY SCHOOL LEVEL ONE

275. Ano ito?
Ito ay isang ***training course*** na sumunod sa elementary school.

276. Gaano katagal ?
3 taon.

277. Saan ako maaring magpunta para sa karagdagang impormasyon?
Sa Board of Education (Direzione didattica) na itinakda ng paaralan o sa Munisipyo ng lugar ng paninirahan kung ang paaralan ay pampubliko, o sa pribadong paaralan.

8.4 Second Cycle

278. Ano ang second cycle?
Ang second cycle ay binubuo ng mga highschool - liceo at ng mga vocational school .
Lahat ng paaralan ay nagpapahintulot na humantong sa unibersidad.

Babala: mula sa school year 2010/2011 ay ipinapatupad ang reporma ng second cycle, isang aksyon na nagbibigay daan para mabawasan ang madaming klase ng major course (indirizzi) ng mga highschool at para baguhin ang mga vocational school. Ito ay isang mahalagang reporma na inilalarawan ang pagsasaayos ng second level of secondary school na nagbunga ng mga makabago at importanteng pamamaraan sa pagsasaayos ng pagpili ng kurso ng pag-aaral. Anumang impormasyon ay matatagpuan sa website: www.pubblica.istruzione.it.

279. Maari bang magpalit ng kurso?
Oo, at maari ring magpalit ng major course (indirizzo) sa mismong kurso sa pamamagitan ng hakbangin pang-edukasyon na iniaalok ng mga paaralan, sa katunayan ay mayroong iba't-ibang paraan ng pag-aaral:

- full-time na pag-aaral;
- school-work na may kasamang internship sa mga cultural, social at productive na institusyon;
- apprenticeship.

HIGH SCHOOL - LICEI

280. Ilan ang uri ng mga highschool sa Italya?
Art school (na may anim na major course), Classic, Human sciences and economic and social option, Language, Music and dance, Scientific and applied sciences option. Ang mga high school ay nahahati sa dalawang parte na tig-dalawang taon (may kabuuang 4 na taon), ang karagdagang ikalimang taon ay nakalaan sa pagpapalalim at disciplinary orientation para sa mas mataas na edukasyon.

281. Gaano katagal ang highschool?
5 taon.

282. Pagkatapos ng highschool, kinakailangan ba ang isang pagsusulit (exam)?
Oo, may final exam (esame di stato) na ginaganap sa katapusan ng ikalimang taon. Ito ay kinakailangan upang makapasok sa Unibersidad at sa mas mataas na edukasyong pangsining, musika at sayaw.

283. Teknikal na Edukasyon at Bokasyonal na Edukasyon
Ang teknikal na edukasyon ay tumatagal ng 5 taon at tumutugon sa mga partikular na pangangailan ng Italya na may kinalaman sa produksyon, at lalo na sa larangan ng kalakalan, turismo, industriya, transportasyon, construction, agraryo at mga aktibidad na panlipunan (social activities, na nakatuon sa mga tao). Marami ang mga major course (indirizzi) at antas ng kadalubhasaan (level of expertise). Ang mga pangunahin ay: Accountant at Commercial Expert, industrial expert, agricultural expert, geometer, tourism expert.
Ang Bokasyonal na edukasyon ay tumatagal ng 5 taon, ngunit nagbibigay ng pagkakataon na makakamit ng propesyonal na kwalipikasyon pagkatapos ng unang tatlong taon.
Silang pareho ay nagtatapos sa pamamagitan ng isang pagsusuri (esame di stato) at nagbibigay daan sa pagpasok sa edukasyong tersiyaryo (Unibersidad, Mas Mataas na Edukasyon sa Sining, Musika at Pagsayaw–sistema AFAM mula sa Alta Formazione Artistica, Musicale e Coreutica, sistema ng Mas Mataas na Edukasyong Teknikal at Pagsasanay–IFTS mula sa Istruzione e Formazione Tecnica Superiore).

BOKASYONAL NA EDUKASYON AT PAGSASANAY (IFP- ISTRUZIONE E FORMAZIONE PROFESSIONALE)

284. Ano ito?
Ito ay mga kursong tumatagal ng tatlong taon at apat na taon na nagbibigay daan upang matamo ang propesyonal na kwalipikasyon na kinikilala sa buong bansa at Europa at maaring agad gamitin sa pagtatrabaho.

285. Pagkatapos ba nito ay maaari akong mag-enroll sa Unibersidad?
Oo, kung nakumpleto ang kwalipikasyon na hindi bababa sa apat na taon at ipinagpatuloy ang ika-limang taon na paghahanda para sa final exam (esame di stato), na kinakailangan para makapasok sa Unibersidad at sa Mataas na Pagsasanay sa Sining, Musika at Pagsayaw.
Ang diplomang nakamit matapos ang apat na taon sa katapusan ng kurso ng bokasyonal na edukasyon at pagsasanay ay nagbibigay din ng karapatan na makapasok sa Mas Mataas na Edukasyong Teknikal- Istruzione e formazione tecnica superiore (tingnan sa ibaba).

8.5 Unibersidad

286. Paano ang istraktura ng Unibersidad?
Ang sistema ng Unibersidad ay nahahati sa dalawang antas at sa bawat pakultad ay may:
- Unang antas na tumatagal ng tatlong taon (Bachelor Degree- Laurea)
- Pangalawang antas na tumatagal ng dalawang taon (Master's Degree- Laurea Specialistica)

287. Sino ang maaring mag-enroll sa Unibersidad?
Sinumang may highschool diploma o propesyonal na kwalipikasyon ay maaring mag-enroll sa Unibersidad para makakamit ng degree o laurea.

288. Paano ako makakapasok sa Unibersidad?
Maaring pumasok sa mga Unibersidad sa Italya:
- ang mga nakatira kahit saan na mamamayang EU citizen o ang mga non-EU mamamayan na nakatira sa Italya, ang mga huling binanggit ay kahalintulad ng mga italyano pagdating sa pag-eenroll;
- ang mga dayuhan na nasa Italya at may hawak ng wastong Permit ng Paninirahan;
- ang mga dayuhang nakatira sa ibang bansa na may hawak na Student Visa.

289. Alin ang mga kinakailangang academic qualification para makapasok sa Unibersidad?

1. Ang mga kailangan ay ang mga academic qualification na nakamit matapos ang panahon ng pag-aaral na hindi bababa sa 12 na taon. Kung ang panahon ng pag-aaral na isinagawa sa labas ng Italya ay mababa sa 12 na taon ay kinakailangang ipakita ang orihinal na kopya ng diploma ng secondary education at gayun din ang certificate na galing sa Unibersidad na pinanggalingan na nagpapatunay ng mga natapos at naipasang mga exam:
- para sa unang taon ng pag-aaral sa Unibersidad, kung ang school system ay 11 na taon;
- para sa mga naunang 2 academic year, kung ang school system ay 10 na taon.

290. Saan at kailan ako maaring magsumite ng application form?
Ang application form ay kailangang isumite sa opisina (Segreteria Studenti) kalakip ang foreign diploma bago sumapit ang deadline (Hulyo-Septiyembre).

291. Anong mga dokumento ang kailangan kong isumite para sa enrollment?
Ang iyong validated diploma mula sa nararapat na Italian Diplomatic Consular.

292. Ilan ang mga pwesto sa mga Unibersidad na nakalaan para sa mga dayuhang mag-aaral na nakatira sa ibang bansa?
Ang Batas n. 145 ng Disyembre 23, 2013 ay inalis ang quota para sa mga banyagang mag-aaral sa Unibersidad, maliban na lamang sa mga nakabatay na pamamaraan para makapasok sa pakultad na limitado ang bilang.

293. Mas mapapaboran ba ako sa pagpasok sa Unibersidad kung ako ay may diploma sa wikang Italyano?
Oo, ang pagpapasya ay nakalaan sa Unibersidad, maaring maging karagdagang kwalipikasyon:
- Ang diploma ng wika at Kulturang Italyano mula sa mga Unibersidad para sa mga dayuhan (Università per Stranieri) sa Perugia at Siena;
- Ang certificate of competence sa wikang Italyano mula sa III Università degli Studi di Roma, o mula sa Universidad para sa mga dyuhan ng Perugia at ng Siena;
- Ang mga certificate of competence sa wikang Italyano na mula sa ibang bansa.

294. Ako ay isang estudyante ng Unibersidad. Paano ko mare-renew ang aking permit ng paninirahan para sa kadahilanan ng paag-aaral?
Ang mga estudyante na maaring magrenew ng visa at permit ng paninirahan para sa kadahilanan ng pag-aaral:
- ay kinakailangang naipasa ang isang pagsusulit sa unang taon at hindi bababa sa 2 pagsusulit sa mga sumunod na taon.

- ay kinakailangang magpakita ng dokumento na nagpapatunay na nagkaroon ng malubhang problema sa kalusugan at sa sitwasyong ito ay pinahihintulutan na kahit isa lang na pagsusulit ang naipasa.

Ang mga renewal na ipagkakaloob ay hindi maaring humigit sa 3 taon na siyang legal na tagal ng panahon ng kurso ng pag-aaral.

Atensyon: Ang batas n. 128 ng nobyembre 28, 2013, ay binago ang tagal ng permit ng paninirahan para sa pag-aaral, at ito ay itinatag na magiging pluriannual, o katumbas ng kurso ng pag-aaral o pagsasanay na dinadaluhan, at ito ay napapasailaliman ng pag-audit ng annual profit. Ang pagbabago na ito ay ipatutupad sa sandali na ang regulasyon para sa implementasyon ng Consolidated Immigration ay naaakma para sa bagong mga probisyon.

Attention: Batas no. 128 ng 28 Nobyembre 2013 pag-amyenda sa tagal ng paninirahan permit para sa pag-aaral, na naghahayag na ito ay maraming mga taon, iyon ay katumbas na sa mga kurso ng pag-aaral o pagsasanay dinaluhan, maliban kung ang isang pag-audit ng taunang kita. Susog na ito ay dapat ipasok sa puwersa sa lalong madaling ang regulasyon para sa implementasyon ng Pinagsama-samang Immigration ay nababagay para sa bagong mga panuntunan.

295. Nagpunta ako sa Italya para pumasok sa Unibersidad. Maaari ko bang baguhin ang aking degree course?

Oo, kung may pahintulot galing sa Unibersidad.

296. Maaari ba akong mag-renew ng permit ng paninirahan para sa kadahilalan ng pag-aaral upang ipagpatuloy ang specialization or PH.d or degree?

Oo.

297. Magkano ang enrollment fee sa Unibersidad?

Depende sa Unibersidad at sa pinipili mong pakultad. Ganun pa man, maaring maging malaki ang gastusin para sa Unibersidad.

298. Maaari ba ako magkaroon ng scholarship o tulong pinansyal?

Oo, ang mga mag-aaral na dayuhan ay maaring magkaroon ng scholarship, student loans at pabahay. Ang mga Rehiyon ay maaring payagan ang libreng pagpasok sa Unibersidad ng mga mag-aaral na dayuhan na mayroong partikular na problemang pang-ekonomico kung ang mga ito ay may wastong dokumento. Para sa mga karagdagang impormasyon ukol sa mga serbisyong ito ay maari kang makipag-ugnayan sa Foreign Student Office–Segreteria Studenti Stranieri ng iyong Unibersidad o ng nais mong pasukan na Unibersidad.

8.6 Education and Higher Technical Education

299. Para saan ito?

Ito ay mga kurso ng highly technical and vocational specialization na maaring tumagal ng mula isa hanggang dalawang taon at may kasamang mga internship at mahabang apprenticeship. Ang layunin nito ay maghanda ng mga technician na kinakailangan ng labour market.

300. Sino ang namamahala nito?

Ang mga IFTS course ay nabibilang sa programa na iniaalok ng mga Rehiyon, base sa isang three-year plan. Para malaman ang lahat ng mga kurso ay maari mong bisitahin ang webpage *http://www.indire.it/ifts/nuovo/* o kaya *http://www.bdp.it/ifts/2003/home.php*.

301. Magkano ang pagpasok sa kurso ng bokasyonal na pagsasanay
Ang pagpasok ay libre; minsan ay mayroon ding reimbursement.

302. Ano ang aking mga kinakailangan upang makapasok sa isang bokasyonal na kurso ng pagsasanay?
Maaring pumasok ang mga kabataan at mga matatanda na nagmamay-ari ng secondary education diploma or higher vocational diploma, na ibinigay sa katapusan ng apat na taon ng pang propesyonal na pagsasanay.
Pinapayagan din ang pagpasok sa mga taong nakapasa sa pagtungtong sa ikalimang taon ng mga kurso ng high school at sa mga mayroong diploma higher secondary education. Para sa mga huling nabanggit ay kinakailangang matiyak ang kanilang kakayahang natutunan sa nakaraang kurso ng edukasyon, pagsasanay at mga trabaho pagkatapos ng obligatoryong edukasyon.

8.7 Recognition of educational qualification

303. Nais kong mag-enroll sa sa Unibersidad, sa mga post-graduates course sa Italya. Ano ang kailangan kong gawin?
Upang maipagpatuloy ang pag-aaral sa Italya, kailangan mong magsumite ng application sa Unibersidad o sa nais mong pasukan na Institute of University Education. Ang mga Unibersidad/Institute ay may sariling kakayahan at sila mismo ang nagdedecide ukol sa pagkilalala o pag-recognize ng mga foreign qualification sa pamamagitan ng kanilang bilateral agrrements at international conventions.
Kailangang isama sa application form ang mga sumusunod na mga dokumento:

- kopya ng naisalin at legalisado diploma na may kasamang declaration of value mula sa Italian Diplomtic Consular;
- kopya ng degree certificate sa parehas na paraan tulad ng nakasaad sa taas (kung mag-eenroll sa laurea specialistica, scuola di specializzazione o master);
- naisalin at legalisado na transcript ng mga exam;
- Program ng mga eksaminasyon;
- Kopya ng dokumento ng pagkakakilanlan opermit ng paninirahan.

304. At anong mangyayari pagkatapos?
Susuriin ang iyong educational qualification sa pamamagitan pagdeklara nito o isang bahagi lang nito ay katumbas ng antas sa Italya: sa unang sitwasyon ay kikilalanin lahat ng mga nagawang exam, pangalawa namanay ilan lamang sa mga ito. Ang Unibersidad ay kailangang magdesisyon sa loob ng 90 na araw mula sa pagsusumite ng aplikasyon.

8.8 Recognition of certain professional qualification

305. Ako ay may kwalipikasyong pangpropesyonal. Ano ang dapat kong gawin upang kilalanin ang aking natapos sa Italya?
Kailangan mo itong ipakita sa nararapat na awtoridad. (pumunta sa webpage *http://www.integrazionemigranti.gov.it/Documenti/Documents/Lavoro/elenco.pdf*)

306. Gaano katagal bago ko makuha ang recognition ng aking professional title?
Sa loob na 30 araw mula pagkakatanggap ng application ay kailangan siguraduhin ng nararapat na awtoridad kung kumpleto ang lahat ng dokumentasyon.
Ang nararapat na awtoridad ay kailangang ipagkaloob ang recognition ng titolo sa loob ng 4 na buwan mula sa pagsusumite ng application o sa pagkumpleto nito sa pamamagitan ng pagbibigay ng decreto (decree o order).

307. Ako ay isang doktor/nurse. Kanino ako pwedeng makipag-ugnayan?
Ang nararapat na magdesisyon ukol sa mga titolo na may kinalaman sa pagiging nurse o doktor ay ang Ministry of Health.

308. Ako ay isang abogado / accountant / byologo / kimiko / agronomo / heologo / inhinyero / psychologist / job consultant / geometer/ mamahayag / agrarian and industrial expert. Kanino ako maaaring makipag-ugnayan?
Ang nararapat na Ministero para ma-recognize ang mga professional title na ito ay ang Ministry of Justice.

309. Ako ay isang industrial property consultant/broker. Kanino ako maaaring makiag-ugnayan?
Ang nararapat na Ministero para sa recognition ay ang Ministry of Economic Development.

310. Ako ay isang guro. Kanino ako maaaring makipag-ugnayan?
Ang nararapat na Ministero para ma-recognize ang mga professional title na ito ay ang Ministry of Education, University and Research.

9 Pangangalaga ng karapatan at diskriminasyon

9.1 Pangangalaga ng karapatan

311. Maari bang protektahan ng isang dayuhan ang kanyang karapatan sa hukuman?
Oo, katulad ng mga mamamayang Italyano. Kung ikaw ay nasa isang sitwasyon na hindi regular, ang paghantong sa legal action ay hindi nagbabawal sa Estado na ipagpatupad ang expulsion, maliban sa mga partikular na sitwasyon.

312. Sa harap ng anong mga organo ko maaaring maprotektahan ang aking mga karapatan?
Sa harap ng korteng Italyano sa pamamagitan ng pagtatanggol ng isang abogado.

313. Paano naka-organisado ang sistemang panghukuman ng Italya?
Maaring protektahan ang pangsariling karapatan sa harap ng iba't-ibang hukom: ang civil, criminal at administrative court, ang kakayahan ng bawat korte ay nakabase sa mga batas ng Estado ng Italya.

314. Sino ang Judge of Peace (giudice di pace)?
Ito ay isang Honorary judge, maari kang makipag-ugnayan dito para sa mga maliliit na problema o pagtatalo na pang-administratibo na hindi lalampas sa isang partikular na halaga (katulad ng hindi pagkakaunawaan sa condominium), siya ang nagdedesisyon ukol sa mga hindi pagkakaunawaan na may kinalaman sa mga panuntunan sa kalsada (street code), limitado ang kanyang kakayanang penal at siya ang nagva-validate ng mga criminal provision ng prefect sa materyang may kaugnayan sa expulsion sa teritoryo ng estado at ng mga provision para sa deportation o detention sa isang temporary accommodation center na ipinapatupad ng tagapamanihala.

315. Saang hukom ako maaring pumunta para sa mga bagay na may kinalaman sa residence permit?
Sa Regional Administrative Court-Tribunale Amministrativo Regionale at kung kinakailangan ay maaari mong i-apila ang mga desisyon ng hukom na ito sa harap ng State Council na matatagpuan sa Roma.

316. Magkano ang magagastos kung magiging parte ng isang paglilitis (nagdemanda at magdedemanda)?
May takdang mga gastos na may kinalaman sa uri ng pagtatalo na isinulong kung saan idinadagdag ang mga napagkasunduan na gastusin para sa depensa ng abogado. Sa gayunpaman ay ginagarantiyahan ng Estado ng Italya na maipagtanggol ng lahat ang kanilang mga pansariling karapatan, kung may kakulangang pangpinansyal ay maaaring maka-access sa tinatawag na gratuito patrocinio (free legal aid) kung saan sinasagot ng estado ang mga gastusin sa ilalim ng mga kundisyon na isinasaad sa batas.

317. Kung wala akong pambayad ng abogado, maaari ba akong magkaroon ng court-appointed lawyer (avvocato d'ufficio)?

Hindi, ginagarantiya ng Estado ang pagkakataon na ang kumatawan sa iyo ang iyong napiling abogado at bigyan ka ng pahintulot na makapasok sa patrocinio gratuito (free legal aid) kung regular ang iyong pananatili at kung hindi lalampas ang iyong kita sa nakasaad sa batas: kailangan ay mayroon kang annual taxable income na may halagang hindi hihigit sa 10.766,33 (July 2012) na lumalabas sa huling income declaration.

318. Ako ay dinemanda pero wala akong kilalang abogado: ano ang maaari kong gawin?
Sa pagkakataong ito ay may itatalaga sa iyong pampublikong tagapagtanggol (avvocato d'ufficio) na pipiliin mula sa isang partikular na listahan. Kung ang iyong kita ay higit sa kinakailangan at hindi ka maaaring mag-request ng free legal aid ay kinakailangan mo siyang bigyan ng nararapat na kabayaran.

319. Ano ang mangyayari kung hindi ko maintndihan an mga court documents?
May karapatan akong maghirang ng interpreter upang isalin ang mga dokumento sa aking sariling wika. Ang gastusin para sa interpreter ay maaaring ipaubaya sa Estado kung ang aking sitwasyong pangpinansyal ay tugma para makapasok sa free legal aid kung saan ang mga gastusin ay sinasagot ng Estado ng Italya.

9.2 Diskriminasyon

320. Aking napag-alaman na mayroong batas na nagtatanggol laban sa diskriminasyon. Ano ang isinasaad ng batas laban sa diskriminasyon?
Anumang pag-uugali ay bumubuo ng diskriminasyon ang bawat pag-uugali na, direkta o hindi direkta na kinasasangkutan ng pagkakaiba, pagbubukod, paghihigpit, o preference base sa kulay, lahi, pinanggalingan o bansa o etnikong pinagmulan, mga paniniwala o relihiyon, kung ito ay may layunin na sirain o hindi kilalanin ang pantay na pagpapatupad ng mga karapatang pangtao at mga pangunahing kalayaang pang-ekonomiya, panlipunan, pangkultura at sa anumang sangay ng pambublikong buhay.

321. Paano ko maipagtatanggol ang aking sarili laban sa mga gawaing may diskriminasyon mula sa isang pribado o Pambublikong Administrasyon?
Maaari akong makipag-ugnayan sa Civil Court (Tribunale Civile) sa pamamagitan ng isang abogado at hilingin sa hukom naiutos ang pagtigil ng masamang pag-aasal at magsagawa ng nararapat na panukala upang matanggal ang mga epekto ng diskriminasyon.

322. Ako ay biktima ng diskrimasyon pero takot akong magsumbong. Ano ang pwede kong gawin?
May mga asosasyon na matatagpuan sa isang partikular na rehistro sa Department of Equal Opportunities (Dipartimento delle Pari Opportunità) na nasa ilalim ng Presidency of the Council of Ministers (Presidenza del Consiglio dei Ministri) na legitimated na maghabala sa ngalan ng taong biktima ng diskriminasyon na may kinalaman sa lahi o pinagmulan.

323. Ako ay biktima ng diskriminasyon sa trabaho. Ano ang pwede kong gawin??
Ang mga Samahan ng mga Manggagawa (Organizzazione Sindacale) ay maaaring maghabla upang pangalagaan ang mga biktima ng diskriminasyon. kung ang employer ay nagpapakita ng mga kilos na may karakter na diskriminasyon.

10 Bangko

324. Ano ang mga serbisyo ng bangko na maaring maging kapaki-pakinabang ?
Ang karaniwan na karamihan na hinihiling ay ang savings account, ang bank account (na kailangan upang magkaroon ng checkbook, debit card, credit card), ang bank transfer, pag-utang at mortgage.

325. Ano ang savings account?
Ang buklet na ito ng savings deposito ay isang simpleng instrumento, na mababa ang halaga na partikular na angkop para sa mga hindi gumagawa ng malaking paggalaw n ng pera. Maaari itong "nakapangalan" (o nasa pangalan ng isang indibidwal o isang entity) na ibinigay " sa may dala" (na kung sino ang magpapakita ng buklet sa counter ay may karapatan na magdeposito o mag-widthraw). Ang mga naipon na interes ay kinakalkula at kinikilala isang beses sa isang taon.

326. Anong dapat na gawin upang magbukas ng savings account?
Pumunta sa opisina ng bangko kung saan nagnanais na magbukas ng account, na may dala ng mga ito:
- Code ng buwis (codice fiscale),
- Permit ng paninirahan.

Ang ilang mga bangko ay maaring mangailangan ng :
- pay slip,
- sertipiko ng paninirahan.

327. Ano ang current account?
Ito ay isang account sa kung saan ay maaari mong i-deposit ang iyong pera, na nagbibigay ng interes sa pagsumang-ayon sa mga bangko. Para makapag-withdraw ng pera mula sa iyong account ay maaari mong punan ang isang form sa counter ng iyong bangko, o ilagay sa tseke "Me the same " o gamitin ang ATM.
Ang sariling tseke at ang mga na natanggap mo ay maaaring maging cashed sa iyong bangko. Ang ilang mga bangko ay may bayad ang checkbook at / o mga tseke na ibinigay.

328. Ano ang gagawin upang magbukas ng account sa bangko?
Pumunta sa opisina ng bangko kung saan nagnanais na magbukas ng account, na may dala ng mga ito:
- Code ng buwis (codice fiscale),
- Permit ng paninirahan.

Ang ilang mga bangko ay maaring mangailangan ng :
- sertipiko ng paninirahan (ngunit ay hindi na legal na kinakailangan);
- garantiya ng isa pang kliyente imigrante o Italyano na kilala sa bangko;
- income tax return;
- isang paunang deposito;
- sa ilang mga kaso, bago magbukas ng account, ang banko ay itinatanong sa employer ng kumpirma na ang magiging customer ay isang empleyado o katrabaho.

329. Ano ang ATM (Bancomat) ?

Ang ATM card ay isang magnetic card na maaari mong hilingin sa iyong bangko kung mayroon kang account. Ang ATM card ay ang pambansang credit card at maaaring magamit sa lahat ng mga vending machine sa bansa (at sa ilang mga European distributor) para sa cash withdrawal (ATM). Bilang karagdagan, maraming mga supermarket at tindahan ang tumatanggap ng mga pagbabayad ng pagbili (POS).

330. Ano ang Credit card?

Maging ang credit card na isang magnetic card ay maaari mong hilingin kung mayroon kang account. Bilang karagdagan sa ini-aalok na pakinabang ng ATM, ang Credit Card ay nagbibigay-daan sa iyo upang gumawa ng mga pagbabayad sa ibang bansa (at upang makabili sa Internet), ito ay tinatanggap sa maraming mga tindahan, mga hotel, restaurant, gas station, post office, atbp. Upang mabigyan ng credit card ang ilang mga bangko ay nangangailangan ng collateral tulad ng: ang haba ng ugnayan sa trabaho at ang awtomatikong pagpaparating ng sahod sa account, o anumang awtomatikong pagbabayad ng pinagkukunan ng kita sa account (halimbawa, ang pension).

331. Ano ang bank transfer?

Ito ay isang sistema ng paglilipat ng pera mula sa iyong bank account patungo sa ibang bank account na maaaring gamitin upang magsagawa ng mga pagbabayad. Ang bayad sa transaksyon ay magkaka-iba sa bawat bangko.

332. Maari akong magpadala ng pera sa aking bansang pinagmulan?

Oo, ito ay isa sa mga serbisyong maaari mong hilingin sa iyong bangko. Ang gastos ng ganitong uri ng serbisyo ay nag-iiba sa bawat bangko at may kasamang nakapirming bayad at, sa ilang mga bangko, ang komisyon na katumbas ng isang porsyento ng pera na iyong ipapadala.

333. Ano ang mga dokumentong kinakailangan ng mga bangko upang makapagpadala ng pera?

Ang mga dokumentong kinakailangan ay magka-iba sa bawat bangko, ngunit sa pangkalahatan ay ang mga sumusunod:

- Permit ng paninirahan.
- Code ng buwis (codice fiscale),
- isang form na kung saan mo isusulat ang iyong personal na data, ang halaga na nais mong ilipat, ang pangalan at bansa ng tatanggap.

11 Associationism

Ang kalayaan ng asosasyon ay protektado ng batas Italyano. Maaari kang magtatag ng isang asosasyon para sa mga layuning hindi ipinagbabawal ng batas, partikular, ay maaaring:

- magtayo ng isang asosasyon;
- sumapi sa isang asosasyon ;
- hindi na maging kasapi ng isang asosasyon o hindi na kabahagi

11.1 PAGLIKHA NG ISANG ASOSASYON

334. Ano ang mga aktibidad na maaaring gawain ng isang asosasyon?
Ang anumang uri ng mga aktibidad na hindi labag sa batas kriminal.

335. May mga insentibo para sa mga asosasyon?
Ang associationism ay tinutulungan kapag napapaboran nila ang pagsasama-sama ng mga banyagang mamamayan sa lokal na komunidad: para sa mga ito ay itinatag sa Ministry of Labour, Health and Social Policies - Directorate General of Immigration, ang National Registry of Associations.

336. Ano ang kinakailangan para sa pagpaparehistro ng isang asosasyon sa National Register?
Maaari kang magparehistro ng mga asosasyon na " national character ", ang mga nagpapatakbo sa hindi bababa sa limang mga rehiyon at 20 probinsiya Italyano.

337. Sino ang nagtatatag ng isang asosasyon?
Ito ay ay binubuo ng mga tao na nagsasama-sama para sa layuning panlipunan, pangkultura, welfare, kapaligiran, atbp.

Babala: Walang itinakdang bilang ng mga tao na maaaring bumuo ng isang kapisanan, ito ay maaaring maging kahit na dalawang tao. Ang mga commercial activities ay kinokontrol.

338. Ano ang mga elemento na kinakailangan upang bumuo ng isang asosasyon?
Ang bawat pangkat ay may gawi na magtakda ng mga panuntunan na namamahala sa mga aktibidad nito.
Ang pagtatatag ng isang kapisanan ay maaaring gawin maging sa nakasulat na form o sa anyo ng oral na kasunduan.
Tanging ang mga asosasyon na nabuo sa pamamagitan ng kasulatan ang maaaring magsagawa ng aktibidad na may bayad, magka-access sa mga facilities at / o public contributions, mag-subscribe sa mga talaan ng Voluntary Organizations, atbp. Gayundin, kung ang saligang batas ng kaugnayan ay nasa anyo ng isang pampublikong gawa at / o pribadong gawa at / o rehistrado, maaaring makakuha ng maraming mga piskal na bentahe.

339. Paano bumubuo ng isang asosasyon na may kasulatan?
Dapat kang makapagsulat ng isang Kontrata ng Asosasyon.

Ang Kontrata ng Association kinabibilangan ng dalawang dokumento na bumubuo ng isang solong gawa, at ang mga ito ay:

- ang Statute;
- constitutive act

340. Ano ang statute (statuto)?

Ito ay ang dokumento na sumasaklaw sa buhay ng mga asosasyon, na tinutukoy ang mga panlipunang layunin, ang mga panuntunan para sa pagbuo ng mga namamahala, para sa pag halal ng pangulo, para sa kaayusan ng pagpupulong ng mga miyembro, para sa paghahanda ng financial statement.

341. Ano ang constitutive act (atto costitutivo) ?

Ito ay ang dokumento na nagpapatunay ng paglikha ng isang kapisanan at tinutukoy ang "personal na data", na nagpapahiwatig ng opisina, ang tagapagtatag, ang petsa ng pagkatatag ng kapisanan.

Kailangang nilagdaan ng mga kasapi na nagtatag, na nagpapahayag na sumali para ituloy ang legal na layunin.

342. Ano ang dapat na nakasulat sa statute?

- Pangalan at punong-himpilan ng asosasyon;
- tukuyin kung wala o may hangarin na kumita;
- layunin ng asosayon ng mutual na tulong o pagkakaisa;
- mga kinakailangan para sa pagpasok ng mga miyembro;
- mga pamantayan ng pag-uugali ng mga miyembro;
- impormasyon ukol sa capital at kita;
- nauugnay na kinatawan (board of directors, pagpupulong);
- operating rules ng mga namamahala sa kinatawan: partikular, ang namamahala ng konseho at ng assembly, ang mga pamamaraan para sa convening, saligang batas at resolusyon;
- tagal ng piskal na termino at ang pag-uulat hinggil dito;
- paraan ng pagpapawalang bisa ng asosasyon.

343. Kailan tinutukoy na isang pampublikong dokumento at kailan kapag pribadong gawa?

Kung ang dokumento ay nakumpleto sa ilalim ng pangangasiwa ng isang notaryo at ito ay nakarehistro sa Opisina ng Registry, ito ay tinatawag na pampublikong dokumento, ngunit kung ito ay nakumpleto sa pamamagitan ng mga kasosyo at isang pribadong paggawa, na maaaring nakarehistro o hindi, at kung saan ang mga lagda ay maaaring mapatunayan sa pamamagitan ng isang notaryo.

344. Ano ang mga advantage ng kasulatang pampubliko o sa pribadong kasulatan?

Ang pangunahing pagkakaiba ay namamalagi na sa pamamagitan lamang ng isang pampublikong kasulatan ay posible sa hinaharap na mag-aplay para kilalanin ang asosasyon at sa gayong paraan upang maging Juridical Person.

345. Alin ang mga kinikilalang asosasyon?

Yaong may "decree" na kinikilala - na isang opisyal na batas ng Estado - na nagsisilbi para sa limitadong pananagutan, na nagsisilbi para mabigyan ng mapagkakakitaan ang asosasyon ng financial autonomy. Nangangahulugan ito na ang asosasyon ay maaaring nag-iisang tumugon sa mga responsibilidad sa ngalan nito, o isang legal na entity.

346. Alin ang mga asosayon na hindi kinikilala?
Ito ay ang mga walang financial autonomy at may limitadong pananagutan, kaya kung ang ari-arian ng asosasyon ay hindi sapat na matugunan ang mga obligasyon na ipinapalagay, para sa pagkakaiba , ang mga tao na kabahagi nito ang mananagot sa paggamit ng kanilang mga ari-arian.

347. Ano ang pamamaraan para sa pagkilala ng mga asosasyon?
Ang mga interesadong partido ay dapat na mag-sumite, sa Prefecture sa lalawigan kung nasaan ang opisina ng institusyon, ang application na pinirmahan ng founder, na may naka-attach na constitutive act.
Ang consistency ng mga ari-arian ay dapat na ipinapakita sa mga papeles na naka-attach sa application.

348. Gaano katagal ang hihintayin upang magkaroon ng isang asosasyon na kinikilala?
Ang awtoridad ng gobyerno ay may limitasyon na 120 na araw upang magpasya kung maaring irehistro o hindi irehistro ang asosasyon, bagaman ang panahon na ito ay maaaring palawakin hanggang sa 180 araw kapag ang Prefecture, ay nagpapahiwatig ng kawalan ng mga dokumento o iba pang mga problema.

349. Ano ang maaaring gawin kung ang kaugnayan ay hindi kinikilala?
Kung ang pagpaparehistro ng isang asosayon ay tinanggihan, maaari kang mag-file ng apelang pang administratibo.

350. Ang asosasyon ay maaaring magkaroon ng Code ng buwis (codice fiscale)?
Oo, dapat mong ipagbigay-alam sa Office of the Revenue, na mananagot para sa lugar, ang matagumpay na "kapanganakan" ng bagong paksa. Ang Office ay maglalabas ng code ng buwis.

351. Ano ang silbi ng code ng buwis?
Ang Code ng buwis ay kinakailangan para:
- sa pagbili ng mga produkto na may invoice;
- ipangalan sa asosasyon ang property (sa pamamagitan ng legal na kinatawan);
- makipagkasundo sa lease contract;
- sa paghiling ng kontribusyon at / o pagsasauli ng nagugol na nagastos sa institusyon;
- magbigay ng kompensasyon,
- na makatanggap ng 0.5 % (5 per mille)

11.2. ANG ILANG URI NG MGA ASOSASYON

352. Ano ang mga asosasyon para sa panlipunang promosyon?
Ito ay mga asosasyon na nagsasagawa ng pagkilos para sa social utility, para sa benepisyo ng mga kasapi at ng komunidad.

353. Alin ang mga gawain na itinuturing na social utility?
Kawang-gawa, ang pag-promote ng kultura at sining, ang proteksyon at pagpapahalaga ng kapaligiran, edukasyon at pagsasanay, amateur sport, ang proteksyon ng mga karapatan bilang mamamayan, atbp.
Ang asosasyon ng panlipunang promosyon ay pinamamahalaan ng Batas 383/00.

354. Ano ang mga boluntaryong organisasyon?
Ang batas ay tinutukoy bilang boluntaryo ang aktibidad na isinasagawa na walang pinagkikitaan at mapagkawanggawang layunin.
Ang boluntaryong mga organisasyon ay maaaring gumawa ng anumang legal na form, nakatugma sa mga layunin ng pagkakaisa. Kadalasan, ang legal na form ay iyong asosasyon. Ito ay batay sa trabaho na walang bayad, bagamat maaari silang makakuha ng ilang mga empleyado o katrabaho na kinakailangan para sa aktibidad.
Ang boluntaryong mga organisasyon ay kinokontrol ng Batas 266/91.

355. Ano ang mga Non-Governmental Organization (NGO)
Sila ay gumagana sa larangan ng kooperasyon ng mga developing countries. Ang mga NGO, na pinapahintulutan ng batas upang gawin ang legal na form ng asosasyon o pundasyon, ay dapat humiling ng pagkilala mula sa Ministry of Foreign Affairs upang patakbuhin ang mga proyekto ng pag-unlad na pinondohan sa pampublikong pondo.
Ang Non-Governmental Organization (NGO) ay kinokontrol ng Batas 49/87.

356. Ano ang ibig sabihin ng non-profit organization of social utility? (Organizzazione non lucrativa di utilità sociale - Onlus)?
Ang pagkakaroon ng kuwalipikasyon bilang isang non-profit na organisasyon ay nagbibigay-daan upang magamit nang husto ang facilitation sa karakter ng buwis, na may kaugnayan sa rehimen ng buwis ng samahan mismo, at ng mga miyembro nito.
Ang tax arrangement ng Onlus ay awtomatikong inilalapat sa Boluntaryong organisasyon na nakarehistro sa rehiyonal at sa sosyal na kooperatiba.

357. Ano ang ibig sabihin ng No profit Organization?
Ang no-profit (o hindi pinagkakakitaan) ay isang samahan na kung saan ang kinikita ay hindi maaaring paghatian ng mga kasosyo, ngunit dapat na reinvested sa parehong aktibidad o itinalaga para sa mga layuning pang-ayon sa batas.

11.3. REHISTRO NG MGA ASOSASYON AT SAMAHAN NA NAGPAPATAKBO PARA SA MGA IMMIGRANT ASSOCIATIONS.

358. Ano ang rehistro ng asosasyon at ng mga kinatawan na nagsusumikap para sa kapakanan ng mga imigrante?
Ang registry ng mga asosasyon at mga organisasyon na nagpapatakbo sa pabor ng mga imigrante ay nahahati sa dalawang seksyon. Ang unang seksyon ay maaaring magpatala ang mga katawan at asosasyon na operating sa pabor ng mga social integration ng mga dayuhan, ayon sa art. 42 ng Immigration Act (Pambatasan atas ng 25.07.1998 no. 286). Sa ikalawang seksyon ay maaaring mag-patala ang mga kinatawan at asosasyon na nagsasagawa ng programa ng assistance at proteksyon panlipunan sa mga biktima ng trafficking (ex. Artikulo 18 ng Immigration Act -.. Pambatasan atas n. 1998/07/25 n. 286) at matinding pagsasamantala (ex Artikulo 13 ng Batas ng Agosto 11, 2003, n. 228). Ang rehistro ay inilaan para sa pribadong organisasyon, sa mga asosasyon at mga kinatawan na nakakatugon sa mga iniaatas ng Artikulo 53 ng DPR Agosto 31, 1999, n. 394, bilang susugan sa pamamagitan ng Presidential na atas Oktubre 18, 2004, n. 334.
Ang pagpaparehistro ay nagbibigay-daan para maka-access sa mga pampublikong pondo, kung saan ito ay hinihingi bilang requrements.

PAGPAPATALA SA UNANG SEKSYON

359. Sino ang mga tao na maaaring mag-aplay para sa pagpapatala?
Mga asosasyon, mga organisasyon at iba pang mga pribadong organisasyon. Hindi kabilang ang lahat ng mga public agencies at mga organisasyon ng internasyonal na batas.

360. Ano ang mga kinakailangan?

- mga layuing para sa panlipunan at solidarity
- non-profit
- nakarehistro na tanggapan sa Italya
- demokratikong likas ng panloob na katangian
- elective positions associative
- natukoy na pamantayan para sa admission ng mga miyembro
- inihanda na financial statement o ng taunang ulat at definition ng pamamaraan para sa pag-apruba
- hindi bababa sa dalawang taon na karanasan sa larangan ng integrasyong panlipunan ng mga dayuhan
- kawalan ng disqualifying conditions ng legal representative at lahat ng miyembro ng board of directors at namamahala.

361. May taunang deadline para sa pagsusumite ng application ng pagpaparehistro?
Walang anumang deadline. Ang application ay maaaring isumite sa anumang oras ng taon.

362. Paano dapat ihahanda ang aplikasyon ?

Sa pagsunod sa mga impormasyon at sa mga form na matatagpuan sa website ng Ministeryo sa pahina
http://www.lavoro.gov.it/AreaSociale/Immigrazione/associazioni/Pages/default.aspx

363. Dapat na isama sa application ang lahat ng mga kalakip?
Ang lahat ng mga kinakailangang mga dokumento na nakalista sa facsimile ng application, ay mahalaga para sa pagsusuri ng mga layunin ng pagpaparehistro.

364. Dapat na gamitin ang mga facsimile na maaring i-download sa website?
Oo, kailangang gamitin ang eksklusibong facsimiles na inihanda, at hindi dapat na baguhin ngunit kailangang napunan na nakumpleto, may lagda at may petsa.

365. Dapat na ipadala ang memorandum o sapat na ang statute na kasalukuyang umiiral?
Kailangang ipadala ang constitutive act kasama ang lahat na kompletong mga attachment, pati din ang mga alituntunin na kasalukuyang umiiral na kompleto ng pagpapasiya upang maaprubahan.

366. Paano mapapatunayan ang dalawang taon ng karanasan na kinakailangan sa larangan ng integrasyon?

Kailangang maipakita ang tiyak at matatag na naging karanasan ng nakaraang dalawang taon sa sektor ng panlipunang integrasyon ng mga dayuhan. Ang pagsisimula ng aktibidad ay natutukoy sa pamamagitan ng pagkalkula ng 24 na buwan na nauuna sa petsa ng pagsumite ng application.

367. Alin ang mga aktibidad na dapat na iulat?

Ang mga aktibidad na naisagawa lamang sa Italya na may kaugnayan sa mga dayuhang mamamayan non-EU na legal na nananatili. Sa kaso ng mga di tiyak na aktibidad, ay dapat na maipakita ang mga interventions na nagawa para sa mga dayuhan.

368. Paano dapat na nakasulat ang report?

Ang detalyadong ulat na may reference na detalyado at dokumentado, dapat na ilarawan ang mga gawain na natupad sa huling dalawang taon (mula sa buwan ng presentasyon ng application) upang itaguyod ang social integration ng mga dayuhan, ay dapat na nakalagay na katibayan, ang bawat hakbangin na ginawa, ang petsa ng simula at pagtatapos ng mga aktibidad, mga layunin, mga tiyak na aksyon na ipinatupad, ang mga resulta na nakamit, ang pagpopondo, mga tatanggap, operator at iba pang mga impormasyon na kapaki-pakinabang sa paglalarawan ng matatag na karanasan sa larangan ng social integration ng mga dayuhan

369. Paano magiging dokumentado ang matatag na biennial na aktibidad na inilarawan sa report?

Sa paglalakip ng mga mga kasunduan na naipasok at /o mga certificate na ibinigay ng pampublikong sanggunian, kopya ng nakumpletong mga proyekto at mga pana-panahong ulat at / o panghuli, data processing, ang resumes ng cultural mediators, mga publikasyon at informative material products, atbp.

Ang mga dokumentasyon na ito ay dapat na malinaw na nakasaad sa ulat upang mapayagan ang isang tiyak na koneksyon ng may-katuturang proyekto (sa pamamagitan ng isang iniutos na pagnunumero ng mga attachment "tingnan ang .n ° ....").

370. Kung sa nakalipas na dalawang taon ay hindi nakapasok sa mga kasunduan, paano maaaring ipakita ang karanasan na nakamit?

Ang mga karanasan na nakamit ay dapat pa ring ipakita sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga certificate na ibinigay ng pampublikong institusyon (lokal na awtoridad, mga paaralan, ASL, atbp.) na kung saan ang institusyon ay nagtrabaho kahit na hindi nagkaroon ng access sa pagpopondo . Ang mga sertipiko na hindi ibinigay ng pampublikong institusyon ay magagawang makumpleto ang mga dokumentasyon ng aktibidad ngunit hindi magiging kapalit ng mga dokumentong institutional.

371. Alin ang mga financial statement na kinakailangan?

Ang financial statement ay dapat na nasasaklawan ang huling dalawang taunang inaprubahan ng Assembly. Samakatuwid ang panahon ay maaaring hindi tumutugon sa itinuturing na ulat ukol sa mga aktibidad. Dapat na nakalakip din ang mga resolution para sa pag-apruba ng Assembly at anumang kasamang mga ulat o accompanying notes.

372. Ang mga articulation o local clubs ay maaaring gamitin sa pagpapatala sa pambansang entidad na mga kasapi?

Ang pakapagpatala sa isang pambansang entidad ay umaabot pati din sa territorial articulation, tulad ng ayon sa mga batas ng entidad, na kung saan, sa tuwing Enero 30 ng bawat taon, ay dapat ring iulat ang mga aktibidad na isinagawa pati ang mga pangteritoryong sangay.

373. Sino ang dapat na magpupuno ng substitutive declaration 1?
Ang bawat miyembro ng board of directors at ang may kontrol ng entidad ay dapat na kumpletuhin ang kanya-kanyang deklarasyon (sa paggamit ng naaangkop na facsimile). Ang deklarasyon ay dapat na lagdaan, na may petsa at sinamahan ng isang kopya ng dokumento ng pagkakakilanlan (na balido).

374. Sino ang dapat na magpupuno ng substitutive declaration 2 at 3?
Ang legal na kinatawan lamang sa paggamit ng facsimile na nakahanda, na kukumpletuhin sa pamamagitan ng paglalagay ng lahat na mga kinakailangang data.

PAGPAPATALA SA IKALAWANG SEKSYON

375. Alin ang mga dokumento na kailangang ipakita kasama ng aplikasyon?
Ukol sa mga dokumento na kailangang isama sa aplikasyon ng pagpaparehistro, kabilang ang kasunduan ng pakikipagsosyo, ay kinakailangan na sumangguni sa facsimile ng application sa pangalawang seksyon na nada-download sa website ng Ministri sa pahina

http://www.lavoro.gov.it/AreaSociale/Immigrazione/associazioni/Pages/default.aspx

376. Mahalaga na maipakita ang dokumento na nagpapatunay ng partnership sa isang entity na nakarehistro na?
Oo, ang pagtatatag ng partmership sa isa sa mga nakatala sa ikalawang seksyon ng Registry ay isang kondisyon na kinakailangan para sa pagpapatala.

377. Saan ko makikita ang na-update na listahan ng mga nakatala sa ikalawang seksyon ng Registry para sa layunin ng pagtukoy ng posibleng kasosyo?
Ang listahan ay kailangan na hilingin sa opisina na ito, maging sa pamamagitan ng e-mail, sa pagtukoy ng Rehiyon ng sanggunian . Ang listahan ay hindi naka-publish dahil sa ito ay isang sektor ng maselan na interbensyon, ang data ay ibinibigay lamang sa pamamagitan ng nominative request na motivated at para lamang sa mga tukoy na paggamit.

378. Paano ko dapat isulat ang report ng partnership?
Ang mga interesado ay maaaring magpahiwatig ng mga layunin, nilalaman, pamamaraan at tagal na pinakamahusay na matutugunan ang mga pangangailangan sa pagpapatakbo, na may tiyak na reference ng mga ipinanukalang proyekto.

Atensyon: Para sa karagdagang dokumentasyon na kailangang i-attach sumangguni din sa FAQ na may kaugnayan sa unang seksyon.